




**¡Adorada sea la Santa Faz de Nuestro Señor Jesucristo!**

**IGLESIA CRISTIANA PALMARIANA**
**DE LOS CARMELITAS DE LA SANTA FAZ**
Residencia: "Finca de Nuestra Madre del Palmar Coronada", Avenida de Jerez, Nº 51,
41719 El Palmar de Troya, Sevilla, España.
Apartado de correos de Sevilla 4.058 — 41.080 Sevilla (España)
**I**sa, **B**anal, **K**atoliko, **A**postoliko at **P**almaryanong **S**imbahan

# IKA-9 NA SULAT APOSTOLIKO

## Ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo

Kami, Pedro III, Soberenyang Papa, Bikaryo ni Kristo, Kahalili ni San Pedro, Alipin ng mga alipin ng Diyos, Patriarka ng Palmar de Troya, de Glória Ecclésiæ, Mensahero ng Panginoong Diyos ng mga Hukbo, Mabuting Pastol ng mga kaluluwa, Nag-aalab ng Sigasig ni Elias at Tagapagtanggol ng mga Karapatan ng Diyos at ng Simbahan.

Sa pamamagitan ng Sulat Apostoliko na ito nais naming ikintal sa Palmaryanong mananampalataya ang hangaring tumugon nang tapat sa lubos na pangangailangan para ipakita ang pinakamalaking pagmamahal sa Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo.

Alalahanin natin ang Katikismo Palmaryano tungkol sa Purgatoryo o Nagdurusang Simbahan:

1. Ito ay ang estado ng temporal na kaparusahan sa mga kaluluwang nangangailangang dalisayin bago makapunta sa Langit.

2. Ang Purgatoryo, kung ganoon, ay hindi isang lugar, subali't isang estado ng paglilinis na katapat ng antas ng pagdalisay na kinakailangan ng bawa't indibidwal. Ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo ay nakakalat sa malawak na espasyo ng Uniberso; nguni't ang kanilang kalayaan sa pagkilos ay ayon sa permiso ng Diyos.



Ang bawa't Banal na Kaluluwa ay isang indibidwal na kaharian ng kapayapaan, armonya at hindi masabing pagdurusa ng paglilinis, na nagpopormang isang pamilya kasama ang ibang mga kaluluwang nasa ganoong estado ng kabayaran, sa pamamagitan ng kanilang pagsasatrono sa bawa't isa. Gayunman, walang kaluluwa sa Purgatoryo ang kaisa sa pagdurusa ng iba.

3. Napupunta sa Purgatoryo iyong, sa partikular na paghatol, ay hindi pa lubos na nalinis sa temporal na parusa katapat sa kanilang mortal o venial na mga kasalanan, na maaaring napatawad na habang buhay pa o sa panahong iyon ng paghusga.

4. Ang mga parusang dinaranas ng Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo ay temporal at tatlong uri:

Esensyal na parusa ng pagkawala, na ang pagkawalang pagkakataon na makita ang Diyos, ang pinakamalaking parusa sa lahat.

Esensyal na parusa sa pandama, na kung saan ay sabay na nararamdaman ang apoy at ang lamig ng paglilinis.

Aksidental na parusa, na pagkakaroon ng iba pang mga paghirap.

Ang apoy at lamig ay nagmumula sa Kaluluwa ni Kristo sa bawa't kaluluwang nangangailangan ng paglilinis.

5. Ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo ay nakikita ang tatlong porma ng Uniberso mula sa pampitong sukat o dimension, nguni't hindi tulad ng perpeksiyon at armonya ng mga Banal sa Langit.

6. Ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo ay nagmamahal nang lubos sa Diyos, lubhang nagdurusa at may lubos na kasiguruhang sa bandang huli ay makapupunta sa Langit.

7. Ang Purgatoryo ay magtatapos sa Ikalawang Pagdating ni Kristo.

Ito ang doktrina na ating pinaniniwalaan.  Gayunman, madalas nating hinahayaan ang ating mga sarili na makalimutan ang banal na mga kaluluwang ito na labis na nagdurusa at nangangailangan ng ating tulong.  Bilang isang solusyon, kami ay magbibigay rito ng tunay na mga kuwento tungkol sa Purgatoryo, dahil alam naming ang mga halimbawa ay mas madaling maunawaan at nakagagawa ng mas malalim na impresyon kaysa doktrina lamang.

"Maawa kayo sa akin, maawa kayo sa akin, kahi't kayo man lamang na aking mga kaibigan, dahil ang kamay ng Panginoon ay hinipo ako."  Iyan ang nakaaantig na pakiusap ng Simbahang Nagdurusa na ipinararating sa kanyang mga kaibigan sa lupa.  Sagutin natin nang bukas palad iyang pinakamatinding dalamhati.  Marami ang umaasa sa ating mga panalangin.

Mahirap na maunawaan na ang ibang mga Katoliko, kasama na iyong mga, sa anumang paraan, ay mga relihiyoso, ay nakahihiyang binabalewala ang mga kaluluwa sa Purgatoryo.  Halos parang hindi sila naniniwala sa Purgatoryo.  Tunay na ang kanilang kaisipan tungkol dito ay napakalabo.  Dumaraan ang mga araw at mga linggo at mga buwan na hindi nila sila tinutulungan!  Bihirang sila ay dumadalo sa Misa para sa kanila, bihirang ipinagdarasal nila sila, bihirang iniisip nila sila!  Samantalang sila ay nagtatamasa ng sapat na kalusugan at kasiyahan, ay abala sa kanilang mga gawain, nagpapakasaya sila, samantalang ang pobreng mga kaluluwa ay nagdurusa ng hindi masabing matinding paghihirap sa kanilang mga sopang apoy.  Ano ang dahilan nitong nakatatakot na kawalang isip?  Kamangmangan:  napakalaki, hindi maipaliwanag na kamangmangan.



Hindi napagtatanto ng mga tao kung ano ang Purgatoryo.  Hindi nila maisip ang nakatatakot na mga sakit, ni anumang ideya sa mahabang mga taon kung saan ang mga kaluluwa ay nananatili sa nakatatakot na mga apoy na iyon.  Ang resulta, ay kaunti lamang o wala silang ginagawa para maiwasan nila mismo ang Purgatoryo, at ang mas masama pa, malupit na binabalewala nila ang kaawaawang mga kaluluwa na naroon pa at umaasa nang buo sa kanilang tulong.

Ano ang Purgatoryo?  Ito ay isang bilangguan na may lumilinis na apoy at lamig, kung saan halos ang lahat ng naligtas na mga kaluluwa ay nalubog makaraang mamatay, na kung saan sila ay nagdurusa ng pinakamatinding mga sakit.  Ito ang sinasabi sa atin ng pinakadakilang mga Doktor ng Simbahan tungkol sa Purgatoryo: Labis na kaawaawa ang kanilang pagdurusa na ang isang minuto ng nakasisindak na apoy na iyon ay parang isang siglo.  Si Santo Tomas Aquino, tinatawag na Prinsipe ng mga teologo, ay nagsasabi na ang apoy sa Purgatoryo ay katumbas ng init ng apoy sa Impiyerno, at ang katiting na kontak dito ay mas higit pang nakatatakot sa lahat ng posibleng pagdurusa sa mundo!  Si San Agustin, isa sa dakilang banal na mga Doktor, ay nagtuturo na, para malinis sa kanilang mga kasalanan at bago tanggapin sa Langit, pagkaraang mamatay, ang mga kaluluwa ay dumaraan sa isang apoy at lamig na mas tumatagos at mas terible kaysa sa maaaring makita, maramdaman o maisip sa buhay na ito.  Ang apoy na ito at ang lamig na ito ay nakalaan para linisin at dalisayin ang kaluluwa, at mas matindi sa ano pa mang maaari nating tiisin sa mundo.  Si San Cyril ng Alexandria ay hindi nagduda sa pagsabing "higit na mabuti ang magdusa sa lahat ng posibleng pagdurusa sa mundo hanggang sa huling araw, kaysa manatili ng isang araw sa Purgatoryo."  Isa pang dakilang santo ang nagsabi: "Ang ating apoy, kung ihahambing sa apoy ng Purgatoryo, ay isang preskong simoy."  Ang ibang banal na mga manunulat ay nagsasabi ng kaparehong mga salita tungkol sa nakatatakot na apoy na iyon.


Ang mortal at venial na mga kasalanan ng mga naligtas ay kinakailangang napatawad habang buhay o sa partikular na paghukom, subali't ang kapatawaran ay hindi nanganghulugang lubos na pagpapatawad ng temporal na parusang nauukol sa mga kasalanang iyon.  Para roon sa mga dumating sa tunay na kamatayan na hindi lubos na napatawad ang temporal na parusa, ang naglilinis na apoy ng Purgtoryo ay nililinis sila sa kanilang kondisyon bilang Banal na mga Kaluluwa.

May dalawang uri ng parusa sa Purgatoryo:  Ang hindi pagkakita sa Diyos, o parusa ng kawalan; at ang parusa sa pandama, na kasama ang apoy at iba pang mga pagdurusang higit na mahigpit kaysa lahat ng pagdurusa sa kasalukuyang buhay. Ang init at tagal ng mga parusang iyon ay ayon sa kasalanan ng bawa't kaluluwa.

Ang pagiging malayo sa Diyos, ang lubos na paghangad para mapasakanila ang Diyos, na hindi pa napapasakanila, ay ang parusa ng kawalan, at hindi mapapantayang pinakamalaking tormento sa Purgatoryo.  Bakit? Dahil ang Diyos ay walang hanggang Kabutihan; at ang kawalan ng isang walang hanggan at kinakailangang kabutihan ay nagreresulta sa sakit na kasinglaki ng Diyos mismo.  Ang pagdurusang ito ay nakasasakit sa mga kaluluwang nang nasa mundo pa ay kakaunti ang hangarin para makita ang Diyos sa Paraiso.  Ang parusa sa Purgatoryo ay hindi pareho sa lahat ng mga

kaluluwa, subali't ayon sa uri at bilang ng mga kasalanan ng bawa't isa; kung gaano kasama, mas matindi ang kanilang pagdurusa.

Ang mga kaluluwa ng mga banal ay lubos na nakalalasap ng pagkakita sa Diyos ng walang anumang hadlang; at ang mga kaluluwa sa Purgatoryo ay nahahadlangan ang kanilang pagkakita sa Diyos habang sila ay naroon sa lugar na iyon ng pagbayad. Sa kabilang banda, ang Lumen Glóriæ o Liwanag mula sa Kaluwalhatian ang nagdadala ng naglilinis na apoy sa Purgatoryo, na ang kalikasan ay pareho ng naroon sa Impiyerno, na nakasusunog nguni't hindi nakatutunaw at nililinis ang Banal na mga Kaluluwa para ihanda sila sa Eternal na Kaligayahan, at namamatay sa bawa't isa sa kanila pagkatapos ng kanilang pagdalisay. Itong isang apoy sa Purgatoryo ay namamahay nang sabay-sabay sa lahat ng mga kaluluwang iyon, na may iba-ibang tindi, ayon sa antas ng paglinis na kinakailangan ng bawa't kaluluwa. At kasama ng apoy na iyon, sila ay nadadalisay ng isang lamig na tulad ang kalikasan ng nasa Impiyerno, na namamahay rin sa kanila.



Sa Impiyerno at sa Purgatoryo, alinman sa apoy ay hindi nakawawalang-bisa sa mga epekto ng lamig ni ang lamig nakawawalang-bisa sa mga epekto ng apoy; at ang apoy na ito at ang lamig na ito ay parusa sa pandama para sa mga nakondena at para sa Banal na mga Kaluluwa, at nangangahulugang hindi maisip na pagdurusa. Subali't sila rin ay may parusa ng kawalan, iyong natatagpuan nila ang kanilang mga sarili na hindi makita ang Diyos: iyong mga nasa Impiyerno hanggan pa man, at iyong mga nasa Purgatoryo ay pansamatala. At ito ang parusang nagdudulot ng pinakamalaking paghihirap. Ang likas na hangarin sa kaligayahan na ikinintal na ng Diyos sa bawa't Anghel at sa bawa't tao, ay may matibay na hangad para muling mabawi ang karapatang ito ng lahat sa kanila. Kung kaya ang parusa ng kawalan para sa mga nakondena ay ang kalungkutan at desperadong hangarin para makita ang Diyos para maging masaya at, sa parehong pagkakataon, ang sutil na pagtanggi para makita Siya dahil sa pagkasuklam na mayroon sila para sa Kanya at nang sa ganoon ay para hindi sila maging mababang-loob sa pamamagitan ng paghingi ng kapatawaran para sa kanilang mga kasalanan. Subali't para sa mga kaluluwa sa Purgatoryo, ang parusa ng kawalan ay ang masidhing hangaring makita ang Diyos at ang kawalang magawa para gawin ito dahil sa temporal na parusang hindi pa nababayaran; subali't ang mga kaluluwang ito ay walang hangad para iwanan ang estadong iyon bago nila makumpleto ang kanilang pagdalisay.

Si Santa Catalina ng Genoa ay nagpaliwanag na ang banal na presensiya ng Diyos ay hindi lubos na maisip na kadalisayan at puno ng liwanag na ang kaluluwang kahi't may katiting na imperpeksiyon ay nanaisin pang tumalon nito sa libong mga impiyerno kaysa humarap nang ganoon sa presensiya ng Diyos. Hindi natin lahat mauunawaan ang ibig sabihin ng Purgatoryo, na taos sa kalooban at pasasalamat na pagtanggap ng kaluluwa na alam na ang pagdurusa ay kaunti lamang kung ikukumpara sa impedimento ng kasalanan.

Bakit ang parusa sa Purgatoryo ay napakahigpit? Ang apoy na ating nakikita sa mundo ay ginawa ng kabutihan ng Diyos para sa ating pakinabang at ikabubuti. Kung minsan ito ay ginagamit sa pagpapahirap, at ang pinakateribIe na ating maiisip.

Ang apoy sa Purgatoryo, sa kabilang banda, ay gawa ng hustisya ng Diyos para kastiguhin at dalisayin tayo, at kung ganoon ay walang kahambing na mas matindi.

Ang ating apoy, sa kadalasan, ay nag-aapoy hanggang masunog ang ating katawan, na gawa sa materyal; sa kabilang dako, ang apoy ng Purgatoryo ay umaakto sa kaluluwa, na isang ispiritu at hindi maipaliwanag mas sensitibo sa sakit.

Kung gaano katindi ang apoy, mas madaling nasisira ang biktima, na ang resulta ay natitigil sa pagdurusa; sa kabaliktaran, ang apoy ng Purgatoryo ay tumatama nang may pinakamatindi at pinakamalupit na sakit, nguni't hindi pumapatay ng kaluluwa ni nakahuhupa ng pakiramdam nito.

Mas matindi ang apoy ng Purgatoryo, mas matindi ang sakit ng pagkakahiwalay sa Diyos, na pinagdurusahan din ng kaluluwa sa Purgatoryo, at iyon ang pinakamalaking tormento. Ang kaluluwang nakahiwalay sa katawan ay labis-labis ang paghahangad ng likas na ispiritwal nito na makasama ang Diyos. Ito ay napupuno ng matinding paghahangad na makalipad patungo sa Kanya; subali't napipigilan, at walang mga salita ang maaaring magsalarawan sa sakit ng hindi mapunuang paghahangad na iyon.

Kung kaya, para sa isang matalinong nilalang tulad ng tao, anong kabaliwan kung hindi gagawin ang anumang pag-iingat para maiwasan ang ganoong nakatatakot na kahihinatnan.

Hindi makatutulong na sabihing hindi ito maaari, na hindi natin maunawaan, na mas mabuti pang huwag itong isipin o pag-usapan.  Maniwala man tayo o hindi, ang katotohanan ay ang lahat ng parusa sa Purgatoryo ay labas sa anumang ating palagay at maisip.  Iyon ang mga salita ni San Agustin.

Totoo ba ang lahat ng ito? Ang pagkakaroon ng Purgatoryo ay napakatiyak na walang Katoliko ang dapat magkaroon ng kahi't na napakaliit na pag-aalinlangan, may malaking pananampalataya, kapag ang Salita ng Diyos ay ipinangangaral.  Sa pamamagitan ng matibay na pananampalataya sa pagkakaroon ng Purgatoryo, sa Lumang Tipan, ang Kaudilyong si Judas Machabee ay nag-atas na magsagawa ng mga panalangin at mga sakripisyo para sa suprahiyo para sa mga kaluluwa ng kanyang namatay na mga sundalo, upang ang Diyos ay maawa sa kanila at sa madaling panahon ay palayain iyong mga naroroon sa Purgatoryo mula sa kanilang temporal na mga parusa.  Ito ay isang doktrinang ipinahayag sa Sagradong Kasulatan at pinaniwalaan ng milyon-milyong mga tao sa lahat ng panahon.

Kahi't pa, tulad ng aming nasabi, ang mga ideya ng ibang mga tao ay napakalabo at pang-ibabaw sa usaping ito na napakahalaga, na sila ay parang tulad noong isinasara ang kanilang mga mata at naglalakad nang sadya sa gilid ng isang talampas.

Makatutulong na gunitain na ang pinakamagaling na paraan sa pagpapaikli ng ating pananatili sa Purgatoryo - o mas mabuti, iwasan ito nang lubos – ay magkaroon ng malinaw na ideya nito, pagnilayang mabuti kung ano ang kahulugan nito at gawin ang mga remedyong iniaalok sa atin ng Diyos para maiwasan ito.  Ang hindi ito isipin ay makamamatay.  Iyon ay paghukay sa sariling libingan, at paghanda sa isang nakatatakot, mahaba at napakahirap na Purgatoryo.

Ang Prinsipeng Polako.  May isang prinsipeng taga Poland na ipinatapon dahil sa politikal na mga dahilan mula sa kanyang bansa at, nang makarating sa Pransya, ay bumili ng isang magandang kastilyo.  Sa kasawiang palad, nawalan siya ng Pananampalataya ng kanyang kabataan at ng mga panahong iyon ay abalang nagsusulat ng isang aklat laban sa Diyos at ang pagkakaroon ng buhay na walang hanggan.  Habang siya ay naglalakad isang gabi sa kanyang hardin, may nasumpungan siyang isang babaing mapait na umiiyak.  Tinanong niya siya kung ano ang dahilan ng kanyang kalungkutan.  "O Prinsipe! - sagot niya – Ako ang asawa ni Jean Marie, ang inyong mayordomo, na namatay dalawang araw ang nakaraan.  Siya ay mabuting asawa at matapat na alipin ng Inyong Kamahalan.  Ang kanyang sakit ay matagal at nagastos ko na ang lahat ng aming mga ipon sa mga doktor, at ngayon ay wala akong pera para mag-alay ng mga Misa para sa kanyang kaluluwa."   Ang prinsipe, ay nabagbag sa kalungkutan ng babae, umusal ng mga salita sa kanya at, kahit na hindi siya naniniwala sa buhay na walang hanggan, ay nagbigay sa kanya ng ilang gintong mga barya para mag-alay ng isang Misa para sa kanyang namatay na asawa.



Lumipas ang ilang panahon, muli isang gabi, ang prinsipe ay nasa kanyang silid aklatan marubdob na nagtatrabaho sa kanyang aklat.  May narinig siyang isang malakas na katok sa pinto, at hindi nag-angat ng kanyang mga mata mula sa kanyang pagsusulat, inanyayahan ang kung sino man iyon na pumasok.  Nagbukas ang pinto at ang isang lalake ang pumasok at tumayo sa harap ng kanyang lamesa.  Sa pag-angat niya ng kanyang mga mata, anong gulat ng prinsipe sa pagkakita kay Jean Marie, ang namatay niyang mayordomo, na nakatingin sa kanya na may isang matamis na ngiti.  "Prinsipe – ang sabi niya – Pumarito ako para magpasalamat sainyo para sa mga Misa na sa tulong ninyo, ang aking asawa ay nakapagpamisa para sa aking kaluluwa.  Salamat sa Nagliligtas na Dugo ni Kristo, na inialay para sa akin, ngayon ay patungo na ako sa Langit, subali't pinahintulutan ako ng Diyos na pumarito para pasalamatan ka sa inyong bukas palad na limos."  At solemne siyang nagdagdag: "Prinsipe, may isang Diyos, isang buhay sa hinaharap, isang Langit at isang Impiyerno."  Pagkasabi nito, ay nawala na siya.  Ang prinsipe ay napaluhod at mataimtim na dinasal ang Kredo ("Nananampalataya ako sa Diyos Amang Makapangyarihan…")

Si San Antonino at ang kanyang kaibigan.  Ang sumusunod ay isang kuwento na may aral.  Si San Antonino, ang bantog na Arsobispo ng Florence ay nagkuwento na ang isang banal na lalaking kaibigan niya ay namatay.  Maraming mga Misa ang inalay para sa suprahiyo ng kanyang kaluluwa.  Ang Santo ay labis na nabahala nang makalipas ang mahabang panahon, ang kaluluwa ng namatay ay nagpakita sa kanya, labis na nagdurusa.  "O aking mahal na kaibigan – wika ng Arsobispo – Ikaw ba ay nasa Purgatoryo pa rin, ikaw na nabuhay ng ganoon kabanal at debotong buhay?  Ang kaawaawang nagdurusa ay sumagot: "Ganoon nga, at kinakailangan kong manatili rito ng mahabang panahon, dahil nang ako ay nabubuhay pa sa lupa ay naging pabaya ako sa pag-alay ng mga suprahiyo para sa mga kaluluwa sa Purgatoryo. Ang Diyos sa Kanyang makatarungang paghusga ngayon ay inilalapat ang mga suprahiyo na dapat ay inilapat para sa

akin pabor doon sa mga dapat ay ipinagdasal ko. Ang Diyos sa Kanyanng hustisya, ay ibibigay sa akin ang mga merito ng lahat ng aking mabuting mga gawa kapag ako ay pumasok na sa Langit; subali't bago iyon, dapat kong pagbayaran ang aking malaking pagpapabaya sa hindi pag-alaala sa iba." Tunay nga ang mga salita ng Ating Panginoon: Sa pamamagitan ng iyong pagsukat, ikaw ay susukatin." Tandaan mo, ikaw na nagbabasa ng mga linyang ito na ang teribling kapalaran ng banal na lalaking ito ay para roon sa mga nagpapabaya na ipagdasal at tumatangging tumulong sa Banal na mga Kaluluwa.

Gaano katagal ang mga kaluluwa nananatili sa Purgatoryo? Ang haba ng panahon sa pananatili ng mga kaluluwa sa Purgatoryo ay depende sa: bilang ng kanilang mga kasalanan; sama at paano pinagpasiyahan ang pagkakagawa nito; kung ginawa o hindi ang penitensiya, at ang kabayaran kung naibigay o hindi, para sa mga kasalanang nagawa habang nabubuhay; depende rin sa mga suprahiyong inialay para sa kanila pagkaraang sila ay mamatay. Ang sigurado ay, bilang pangkalahatang tuntunin, ang mga kaluluwa ay nananatli sa Purgatoryo kaysa kung ano ang inaakala ng tao.



Magbibigay kami ng mga sipi mula sa mga aklat na naglalahad sa mga buhay at mga pahayag ng mga Santo.

Ang ama ni San Luis Beltran ay ulirang Kristiyano, na natural dapat asahan, dahil sa pagiging ama ng ganoon kadakilang santo. Sa isang pagkakataon ay ninais niyang maging isang monghe ng Kartesyano, hanggang sa ginawa ng Diyos na makita niya na iyon ay hindi ang Kanyang Kalooban. Nang siya ay mamatay, makaraan ang mahabang mga taong isinabuhay ang lahat ng katangian ng isang Kristiyano, ang kanyang anak, alam ang higpit ng Hustisya ng Diyos, ay nag-alay ng mga Misa at itinaas ang pinakamaalab na mga pagsamo para sa kaluluwa ng isang kanyang pinakamamahal. Ang bisyon ng kanyang ama sa Purgatoryo ay nag-obliga sa kanyang dagdagan ang kanyang mga suprahiyo ng daang beses. Dinagdagan pa niya ng pinakamalupit na mga penitensiya at mahabang mga pag-ayuno ang kanyang mga Misa at mga panalangin. Mahabang walong taon pa ang lumipas bago natamo ang paglaya ng kanyang ama.

Si San Malaquias ay may kapatid sa Purgatoryo; dinoble niya ang kanyang mga pagsisikap nguni't, sa kabila ng mga Misa, mga panalangin at magiting na mga pagpepenitensiyang inialay ng santo, siya ay nanatili ng maraming mga taon doon.

Ang mga pagpepenitensiya o pagkait sa sarili ay inihihiwalay tayo sa mga sensuwal na kasiyahan, at sa buhay na ito ay pinapayagan tayong magbigay ng kabayaran para sa mga parusang katapat ng ating mga kasalanan. Alam natin na ang kasalanan ng sinumang nagkasala sa Diyos nang matindi ay maaaring napatawad na, gayunman ang obligasyon para sa pagbayad ng temporal na parusa ay nananatili, at ang sinumang hindi nagsagawa ng obligasyong ito sa kasalukuyang buhay, ay kinakailangan punuan ito nang lubos sa kabila, sa pamamagitan ng Purgatoryo. Nguni't doon ang parusa ay mas malaking di hamak, walang kahambing. Iyong mga hindi gumawa ng penitensiya para sa kanilang mga kasalanan ay magdurusa ng pinakamalaking tormento sa kabilang mundo.

Ang mga pagdurusa at mga pagsubok sa buhay na ito ay nakalaan para ilayo tayo sa huwad na mga bagay sa mundo; para gawin tayong mas tulad kay Hesus at kay Maria; at para makabayad tayo sa ating mga kasalanan sa mundong ito, kung saan ang mga utang sa banal na hustisya ay binabayaran sa paraang mas hindi masakit kaysa sa Purgatoryo.

Lagi nating alalahanin ang walang hanggang parusa sa Impiyerno na nararapat sa ating mga kasalanan at ang teribleng parusa sa Purgatoryo, nakalaan para bayaran ang temporal na parusa sa napatawad nang mga kasalanan. Ang mga parusa sa kasalukuyang buhay ay tunay na munting isda kumpara sa parusa sa buhay na hinaharap.

Kuwento ng isang banal na madre sa Pamplona na nagtagumpay siyang makapagpalaya ng maraming mga madreng Carmelita mula sa Purgatoryo na naroon na sa loob ng 30 hanggang 40 taon. Mga madreng Carmelita sa Purgatoryo sa loob ng apatnapung taon! Ano na lamang ang magiging kahihinatnan noong mga nabubuhay na nakalublob sa mga tukso ng mundo, kasama ng kanilang daang mga kahinaan?

Si San Vicente Ferrer, makaraang mamatay ang kanyang kapatid na babae, ay nagdasal ng hindi mapaniwalaang sigasig para sa kanyang kaluluwa at nag-alay ng maraming mga Misa para mapalaya siya. Pagkatapos ng kanyang Purgatoryo ay nagpakita siya sa Santo, at sinabihan siya na kung hindi sa kanyang makapangyarihang pamamagitan sa harap ng Diyos, siya ay mananatili nang walang katapusang panahon doon.

Sa Orden ng Dominikano, pangkalahatang tuntunin ang magdasal para sa mga superiyor sa anibersaryo ng kanilang kamatayan. Ang iba sa kanila ay namatay ilang siglo na ang nakaraan, at maliban sa pagiging huwaran para sa kanilang kabanalan at talino. Gayunman, kinokonsidera ito ng Simbahan na kinakailangan at matalino na ipagdasal sila.

Sa pamamagitan nito ay hindi namin nais na magbigay ng impresyon na ang lahat ng mga kaluluwa ay pinananatili sa parusang mga apoy sa magkakaparehong haba ng panahon. Ang iba ay nakagawa ng maliit na mga kasalanan at gumawa ng penitensiya sa buhay. Kaya ang kanilang parusa ay hindi masyadong malupit.

Ang mga huwarang ibinigay rito ay lubos na napapanahon para gumawa ng sumusunod na pagninilay: kung ang mga kaluluwang iyon ay nagkaroon ng pagkakataon para makita, sumunod at makasalumuha ang dakilang mga santo, at nagkaroon ng kanilang pamamagitan, ay nanatili nang napakahabang panahon sa Purgatoryo, maaari kayang ang ganoon ay mangyari sa atin?



Ang benerableng nagbabayad sala na si Bonifacio VII ay nagdusa nang mahigit isang libong taon, sapagka't simula sa taong 987, dahil ang kanyang buhay ay malungkot ang moralidad, nguni't nakumbert sa partikular na paghukom sa kamatayang klinikal, sa pamamagitan ng diskurso ng Banal na Maria, at nasa Purgatoryo, na kanyang iiwanan sa Pagbabalik ni Kristo sa mundo para itayo ang Kanyang Mesyanik na Kaharian ng kapayapaan.

Ang benerableng nagbabayad sala na si Haring Solomon ay naligtas ng malaking Templo na itinayo niya para sa Diyos. Iyon ay sa kamatayang klinikal, sa partikular na paghusga, kung saan si Solomon ay nakaramdam ng tunay na pagsisi sa lahat ng hindi mabilang na mga kasalanang nagawa niya nang siya ay buhay pa; kung kaya sa mga sandalling iyon ng partikular na paghukom ay buo siyang nakahanda para bawiin ang lahat ng masama na kanyang nagawa at tumalima sa lahat na kanyang sinuway, kung siya sana ay makababalik pa sa normal na buhay. Gumawa siya ng sapat para maligtas ang kanyang sarili mula sa walang hanggang kondenasyon; subali't hindi nang may sapat na pagmamahal para maligtas siya sa parusa sa Purgatoryo, o kahi't bawasan ang buong panahon at lupit. Dahil si Solomon ay taos pusong nagsisi sa klinikal na kamatayan, siya ay napalaya sa walang hanggang kondenasyon sa pamamagitan ng Walang Hanggang Awa ng Diyos, sa mga panalangin at mga penitensiyang inialay para sa kanyang kumbersiyon, sa pamamagitan ng malaking Templo na kanyang itinayo para sa Diyos sa Herusalem, at gayundin sa kanyang banal na gawi sa unang sampung taon sa kanyang paghahari, nang siya ay banal pa at matalino. Si Haring Solomon sa pamamagitan ng banal at hindi mababagong dekrito, ay mananatili sa Purgatoryo hanggang sa Pagbalik ni Kristo sa Mundo para itatag ang Kanyang Mesyanik na Kaharian. Sa pamamagitan ng ating mga panalangin, ay makatutulong tayo na mapagaan ang lupit na pinagdurusahan ni Solomon sa Purgatoryo simula ng nakaraang 2,999 taon.

Bakit ganoon katagal na pagbabayad? Ang mga dahilan ay hindi mahirap na unawain. Ang kasamaan ng kasalanan ay napakalaki. Kung ano ang sa tingin natin ay maliit lamang na kasalanan, sa katotohanan ay isang seryosong pagkakasala sa walang hanggang kabutihan ng Diyos. Sapat ang makita na ang mga santo ay nagsisi sa kanilang mga kasalanan. Ang ating ugali ay para maging mahina, totoo nga, nguni't ang Diyos ay bukas palad na inaalok tayo ng saganang mga grasya para tayo ay palakasin; binigyan Niya tayo ng liwanag para makita ang bigat ng ating mga kasalanan at ng lakas na kinakailangan para hindi mahulog sa tukso. At kahi't na ganoon tayo ay nadadapa, ang kasalanan ay lahat atin. Hindi natin ginamit ang liwanag at ang lakas na bukas palad na ipinagkaloob sa atin ng Diyos, hindi tayo nagdasal o tumanggap ng mga Sakramento na dapat ay ginawa natin.

Kung may mga kaluluwang nakondena sa Impiyerno magpawalang hanggan dahil sa isang mortal na kasalanan, hindi dapat tayo magtaka na ang ibang mga kaluluwa ay kinakailangang lumagi sa Purgatoryo nang mahabang panahon. May ibang sinadyang gumawa ng hindi mabilang na venial na mga kasalanan, ang iba rito ay maaaring napakabigat kaya, sa sandaling ginawa nila ang mga ito, ang makasalanan ay hindi na masabi kung ang mga iyon ay mortal o venial, o nakagawa ng mortal na mga kasalanan kung saan sila ay nagpapakita ng kaunting pagsisi at gumawa ng kaunti o hindi gumawa ng penitensiya. Ang kasalanan ay nawala sa pamamagitan ng absolusyon, nguni't ang parusang katapat ng mga kasalanang iyon ay kinakailangang pagbayaran sa Purgatoryo. Sinabi sa atin ng Ating Panginoon na sa araw ng paghukom tayo ay magbibigay ng responsibilidad sa bawa't walang kuwentang salitang ating sinabi at na hindi tayo makaaalis sa bilangguang iyon hanggang mabayaran ang buong utang.

Tungkol sa venial na mga kasalanan. Magiging mahirap tantiyahin ang malaking bilang ng venial na mga kasalanan na ating nagawa. May walang hanggang bilang ng mga kasalanan tungkol sa pagmamahal, kasakiman, isip,

salita, mga akto sa sensuwalidad, sa daang mga pagkakaiba; kulang sa pagmamahal sa isip, salita, gawa at pagligta. Katamaran, banidad, selos, kawalang interes at iba pang hindi mabilang na mga kasalanan. May mga kasalanan tungkol sa pagiging malamig o hindi interesado kung saan ay hindi natin pinagbabayaran. Kakaunti lamang ang pagmamahal natin sa Diyos, at tinatanggap Niya ang ating pagmamahal ng mahigit daang ulit. Tinatrato natin Siya nang malamig at kulang sa interes at kahit na walang pasasalamat.

Si Kristo ay namatay para sa bawa't isa sa atin. Pinasalamatan ba natin siya nang nararapat? Siya ay nananatili sa araw at gabi sa Pinakabanal na Sakramento sa Altar naghihintay sa ating mga pagdalaw, handang tumulong sa atin.



Gaano tayo kadalas tumungo sa Kanya? Siya ay umaasam na pumunta sa atin sa Banal na Komunyon at tinatanggihan natin Siya. Iniaalok Niya ang Kanyang sarili sa atin bawa't araw sa Altar sa Misa at nagbibigay ng dagat ng mga grasya roon sa dumadalo sa Banal na Sakripisyo. At ang iba ay pabandying-bandying lamang at hindi sila dumadalo! Gaano iniitsa ang mga grasya!

Ang ating mga puso ay matigas at puno ng pagmamahal sa sarili. May masaya tayong mga tahanan, masasarap na pagkain, magagandang damit at sagana sa lahat ng bagay. Marami sa ating kapwa ay dumaranas ng pagkagutom at pagkukulang, at kaunti lamang ang ating ibinibigay, samantalang nagsasayang at gumagasta nang hindi kinakailangan sa ating mga sarili. Ang buhay ay ibinigay sa atin para pagsilbihan ang Diyos at iligtas ang ating mga kaluluwa. Subali't maraming mga Kristiyano ang masaya na sa pagdasal ng limang minutos sa umaga at limang minutos sa gabi! Ang tira sa dalawampu't-apat na oras ay ginugugol sa trabaho, pahinga at kasiyahan. Sampung minutos sa Diyos, sa ating immortal na mga kaluluwa, sa dakilang gawain para sa ating kaligtasan; dalawampu't tatlong oras at limampung minutos para sa buhay na ito na dumaraan lamang! Patas ba iyon sa Diyos? Ang ating mga gawain, ang ating pahinga at mga kahirapan ay dapat lahat para sa Diyos! Ganyan ang nararapat, at ang ating mga merito ay natural magiging malaki. Ang katotohanan ay, sa kasalukuyan, kaunti lamang ang nag-iisip sa Diyos sa araw. Ang malaking layunin ng kanilang mga isip ay ang kanilang mga sarili. Sila ay nag-iisip, nagtatrabaho at nagpapahinga para masiyahan ang kanilang mga sarilil. Ang Diyos ay umuukupa ng maliit na parte lamang ng kanilang araw at kanilang mga isip. Iyan ay pagpapakita ng panghahamak sa Kanyang laging Mapagmahal na Puso, na laging iniisip tayo.


Tungkol sa mortal na mga kasalanan. Malungkot, maraming mga Kristiyano ang nakagagawa ng mortal ng mga kasalanan habang sila ay nabubuhay, nguni't kahi't na ikinukumpisal nila ang mga iyon, tulad ng sinabi natin, ay hindi nila ito napagbabayaran. Si San Bede ang Benerable ay nagpalagay na iyong mga gumugugol ng malaking bahagi ng kanilang mga buhay sa paggawa ng malaking mga kasalanan, at ikinukumpisal ang mga iyon sa kanilang kama ng kamatayan, ay maaaring manatili sa Purgatoryo hanggang sa araw ng Huling Paghukom. Si Santa Gertrudis sa kanyang mga rebelasyon ay nagsabi na iyong mga nakagawa ng maraming malaking mga kasalanan at hindi gumawa ng penitensiya ay hindi nakatatanggap ng suprahiyo mula sa Simbahan sa matagal na panahon. Ang lahat ng ganoong mga kasalanan, mortal at venial, ay naiipon sa loob ng 20, 30, 40, 60 mga taon ng ating buhay. Ang bawa't isa ay dapat mabayaran makaraang mamatay. Nakagugulat ba kung ganoon na ang ibang mga kaluluwa ay kinakailangang manatili sa Purgatoryo nang napakatagal?

Bakit at para ano kaya tayo ay nagdarasal para sa Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo? Ang dakilang kautusan ng Ating Panginoong Hesukristo ay magmahalan tayo nang tunay at tapat. Ang unang dakilang kautusan ay mahalin ang Diyos higit sa lahat ng bagay at ang ating kapwa bilang ating sarili. Ito ay hindi isang payo o isang mithiin ng Makapangyarihan. Ito ay Kanyang dakilang Kautusan, ang batayan at pinakadiwa ng Kanyang Batas. Ganyan ang katotohanang nakapaloob doon, na Kanyang tinatanggap bilang isang donasyon ang lahat ng ating ginagawa para sa ating kapwa, at bilang tahasang pagtanggi sa ano mang ating itinanggi sa ating kapwa.

Ang ibang mga Katoliko ay parang iniisip na ang Batas ng Diyos ay nahulog sa maling gamit, dahil sa mga panahong ito ay yabang at pagmamahal sa sarili ang naghahari, at walang nag-iisip sa Diyos o sa kapwa, kundi pansariling kapakanan. "Wala nang kuwentang gawin ang Batas ng Diyos sa mga panahong ito – ang maling-mali nilang sinasabi – ang bawa't isa ay kinakailangang tingnan ang kanilang mga sarili, o mapag-iiwanan sila." Subali't walang ganoon! Ang Batas ng Diyos ay engrande at mananatiling may kapangyarihan ng batas. Kaya ito ay mas higit na kinakailangan kaysa kailan man, at ito ay ating tungkulin para sundin ito, at maliban pa, ito ay para sa ating mas malaking pakinabang.

Tayo ay saklaw ng kagandahang asal para ipagdasal ang Banal na mga Kaluluwa. Tayo ay laging saklaw na mahalin at ipagdasal ang bawa't isa, subali't mas malaki ang pangangailangan ng ating kapwa ay mas malaki at mas dapat na gawin agad ang ating tungkulin. Ito ay hindi isang pabor na puwede o hindi puwede nating gawin; ito ay ating tungkulin; tayo ay saklaw para tulungan ang bawa't isa. Magiging isang malaking krimen, halimbawa, na pagkaitan ang isang taong walang-wala ng pagkaing kailangan niya para mabuhay. Lubhang nakapangingilabot na pagkaitan ng tulong ang isang lubos na nangangailangan, o hindi tulungan ang isang nalulunod, at daanan lamang siya. Hindi tayo dapat tumulong kapag madali lamang at kumbeniyente, subali't dapat tayong gumawa ng anumang sakripisyo para tulungan ang ating kapatid na nahihirapan.

Buweno ngayon, sino ang may mas malaking pangangailangan ng pagmamahal kaysa sa mga kaluluwa sa Purgatoryo? Anong pagkagutom at pagkauhaw o kahirapan dito sa mundo ang maaaring ihambing sa kanilang lubos na nakalulunos na mga pagdurusa? Ni ang pulubi, ni ang may sakit, ni ang mga naghihirap na nakikita natin sa ating paligid ay nangangailangan ng ganoon na madaliang tulong. May matatagpuan pa rin tayong mga taong may mabuting puso na may interes sa mga nahihirapan sa buhay na ito, nguni't bihira tayong makatagpo ng nagtatrabaho para sa mga kaluluwa sa Purgatoryo! At sino ang nangangailangan sa atin nang mas higit? Maliban pa, ang ilan sa kanila ay maaaring ating mga ina, ating mga ama, ating mga kaibigan at ang ating mga mahal.



Kalooban ng Diyos na tulungan natin sila. Sila ang ating pinakamamahal na mga kaibigan. Nais ng Diyos na tulungan sila; Nais Niyang mapalapit sila sa Kanya sa Langit. Hindi na sila kailan man magkakasala pa sa Kanya, at sila ay nakalaan para maging kasama Niya Magpasawalang Hanggan. Totoong ang hustisya ng Diyos ay humihingi ng kabayaran para sa mga kasalanan, subali't sa pamamagitan ng nakagugulat na pamamahagi ng Kanyang Kalooban, ay ibinibigay Niya ang mga paraan ng pagtulong sa kanila sa ating mga kamay, binigyan Niya tayo ng kapangyarihan para magaanan sila o para makalaya sila. Nakasisiya nang napakalaki sa Diyos na tinutulungan natin sila. Siya ay nagapasalamat na para bang Siya mismo ang ating tinutulungan.

Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nais din na tulungan natin sila. Hindi kailan man nagkaroon ng sino mang ina dito sa mundo ang nagmahal ng kanyang namatay na mga anak nang napakalambing, walang sinuman ang umaliw tulad kay Maria ang naghangad para aliwin ang Kanyang nagdurusang mga anak sa Purgatoryo; at para makasama Niya sila sa Langit. Pinasasaya natin Siya tuwing tayo ay nakapagpapalaya ng isang Kaluluwa sa Purgatoryo. Gunitain natin ang maraming mga larawan sa Sulat Apostolikong ito na nagpapakita na ang malaking tagapag-ampon sa Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo ay ang Birhengg Reyna ng Carmel, ang Ating Ina ng Palmar Koronada at nakaatang sa atin na Kanyang mga anak para tumulong sa ating Ina sa gawaing ito ng pagmamahal.

Ganoon pa man, ano ang ating masasabi sa mga damdamin ng Banal na mga Kaluluwa? Magiging praktikalmenteng imposible para isalarawan ang kanilang walang hanggang pasasalamat doon sa mga tumulong sa kanila! Puno ng napakalaking paghangad na mabayaran ang mga pabor na ginawa para sa kanila, ipinamamagitan nila ang kanilang mga tagapag-ampon nang may ganoon na lamang na sigasig, ganoon kainit, ganoon katapat, na ang Diyos ay hindi sila kayang tanggihan. Binabayaran nila tayo ng libo para sa isa. Si Santa Catalina ng Bologna ay nagwika: "Ako ay nakatanggap ng maraming malalaking mga pabor mula sa mga Santo, subali't higit na mas malalaki mula sa Banal na mga Kaluluwa."

Kapag sila ay ganap nang nakalaya sa kanilang mga parusa at nagagalak sa pagkakita sa Diyos sa Langit, malayong makalimutan nila ang kanilang mga kaibigan dito sa lupa, ang kanilang pasasalamat ay walang hangganan. Habang nakaluhod sa harapan ng Trono ng Diyos ay hindi sila tumitigil sa pagdasal para roon sa mga tumulong sa kanila. Sa pamamagitan ng kanilang mga panalangin ay pinoprotektahan nila ang kanilang mga kaibigan mula sa mga plano ng demonyo at ibang mga kapahamakan. Hindi sila tumitigil sa pagdasal hanggang sa makita nila ang mga umampon sa kanila na ligtas sa Langit, at magpahanggan pa man ay kanilang mga pinakamamahal, pinakatapat at pinakamagaling na mga kaibigan. Kung nalalaman sana ng mga Katoliko kung gaano makapangyarihang mga tagapangalaga ang makukuha nila sa pamamagitan lamang ng pagtulong sa Banal na mga Kaluluwa, ay hindi sila masyadong magpapabaya sa pagdasal para sa kanila!

Ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo ay makapagpapaikli ng ating Purgtoryo. Isa pang malaking grasya na ating makukuha sa pamamagitan ng pagdasal para sa kanila ay isang maikli at madaling Purgtoryo, o ang kumpleto nitong pag-alis. Si San Juan Macias, Dominikanong prayle, ay may magandang debosyon para sa mga Kaluluwa sa Purgatoryo.

Sa pamamagitan ng kanyang mga dalangin, una sa lahat sa pamamagitan ng pagdasal ng Banal na Rosaryo, siya ay nakatamo ng paglaya ng isang milyon apat na raang libong mga kaluluwa! Bilang kabayaran ay nakatanggap siya ng pinakasagana at hindi pangkaraniwang mga grasya. Ang mga kaluluwang iyon ay dumating para aliwin siya sa kanyang kama ng kamatayan, at sinamahan siya pag-akyat sa Langit. Ang katotohanang ito ay napakatiyak kung kaya ito ay isiningit ng Simbahan sa isang Bull o kautusan ng Papa na nag-uutos ng kanyang kanonisasyon. Si Kardinal Baronius ay ginunita ang isang katulad na pangyayari nang siya ay tinawag para mangasiwa sa isang naghihingalong lalake. Hindi nagtagal isang hukbo ng banal na mga ispiritu ang nakita sa paligid ng kanyang kama ng kamatayan, inaliw ang naghihingalo at pinawi ang mga demonyo na naghinagpis sa kanilang desperadong pagsubok na sirain ang naghihingalo. Nang tanungin ng Kardinal ang mga kaluluwa kung sino sila, sumagot sila na sila ay walong libong mga kaluluwa na napalaya ng lalake sa Purgatoryo salamat sa kanyang mga panalangin at mabuting mga gawa. Pinadala sila ng Diyos, tulad ng ipinaliwanag nila, para dalhin siya sa Langit na hindi dumaan kahi't isang sandali sa Purgatoryo.



Ang masasamang ispiritu ay nagreserba ng isang mapanganib at mapaglalang na tukso para sa ating huling mga sandali. Si Santa Gertrudis ay malupit na tinukso ng demonyo bago mamatay. Dahil ang demonyo ay walang makitang lansi sapat na talino para sa santa na ito, nakaisip siyang bigyan ng pagkaligalig ang kanyang makalangit na kapayapaan sa pagsabing siya ay mananatili ng napakatagal sa Purgatoryo dahil sa nilustay niya ang kanyang sariling mga indulhensya at mga suprahiyo pabor sa ibang mga Kaluluwa. Subali't ang Ating Panginoon, hindi kuntento sa pagpadala ng Kanyang mga Anghel at libong mga Kaluluwa na kanyang napalaya, ay pumunta ng personal para palayasin si Satanas at aliwin ang Kanyang mahal na santa. Sinabihan Niya si Santa Gertrudis na kapalit ng kanyang nagawa para sa Banal na mga Kaluluwa, ay dadalhin Niya siya direkta sa Langit at dadamihan ang lahat ng kanyang mga merito nang mahigit sa daang beses.

Si San Enrique Suso, mula sa Dominikanong Orden, ay nakipagkasundo sa isang prayle ng Orden na kung saan, na ang unang mamatay, ang naiwan ay mag-aalay ng dalawang Misa bawa't linggo para sa kanyang Kaluluwa, at gayundin iba pang mga dasal. Ang nangyari ay unang namatay ang kanyang kasama, at si San Enrique ay agad na nagsimulang mag-alay ng pangakong mga Misa. Patuloy niyang ginawa iyon sa matagal na panahon. Sa bandang huli, halos sigurado na siya na ang kanyang kaibigan, namatay ng banal na kamatayan, ay nakarating na sa Langit, siya ay tumigil sa pag-alay ng mga Misa. Nguni't anong laking sindak niya nang ang namatay na prayle ay nagpakita sa kanyang nagdurusa nang malupit at tumutol sa kanya sa hindi niya pagdaos ng Misang ipinangako. Si San Enrique, labis na nagsisi, sumagot na hindi niya na ipinagpatuoy ang mga Misa dahil naniniwala siyang ang kanyang kaibigan ay tiyak nang lumalasap ng pagkakita sa Diyos, subali't nagdagdag na lagi niyang naaalaala siya sa kanyang mga panalangin. "O kapatid na Enrique, pakiusap bigyan mo ako ng mga Misa, dahil iyon ang Pinakabanal na Dugo ni Hesus na labis kong kinakailangan"' ang sabi ng nagdurusang Kaluluwa na may mga luha. Ang Santo ay nagsimulang mag-alay muli, at dinoble ang alab sa pag-alay ng mga Misa at mga panalangin para sa kanyang kaibigan hanggang tiyak na niya ang kanyang kalayaan. Dumating ang kanyang turno para makatanggap ng mga grasya at ng mga biyaya ng lahat ng uri mula sa kanyang mahal na nakalayang kapatid, sobra ng maraming ulit sa kanyang inaasahan.

Paano natin matutulungan ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo? Ang unang paraan para matulungan ang Banal na mga Kaluluwa ay ang pag-alay ng Banal na mga Misa para sa kanila. Tunay na ito ang pinakamabisang paraan para mapalaya sila. Mas mabuting makinig tayo ng lahat ng posibleng mga Misa para sa kanilang intensiyon. Ang mga bunga ng Misa ay nakapagbibigay ng benepisyo sa Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo sa pamamagitan ng pagkaalis ng kanilang kumpleto o parsiyal na pagkaalis ng kanilang temporal na mga parusa, o kaya sila kahi't paano ay naaaliw sa pamamagitan ng isang mas malaking pag-asa sa kanilang mabilis na paglaya. Sa Opertoryo ng Misa, kasabay habang ang Pari ay gumagawa ng paghahandog siya ay malinaw na nagdarasal para sa kanyang sarili, para sa lahat ng mananampalataya buhay at patay, at para sa kumbersiyon ng mga makasalanan sa buong uniberso, isang panalangin na ibinibigay sa Ama sa pamamagitan ni Kristo at ni Maria. Ang pagdasal ng Banal na Rosaryo Penitensiyal (kasama ang marami nitong mga indulhensiya), ng Daan ng Krus, ng Banal na Trisahiyo at ng Banal na Rosaryo Josefino, ay napakahusay na paraan para matulungan ang mga Kaluluwa. Si San Juan Macias, tulad ng nakita natin, ay nakapagpalaya ng mahigit sa milyong mga Kaluluwa mula sa Purgatoryo, kalimitan sa pamamagitan ng Banal na Rosaryo at pag-alay ng kanyang sariling mga indulhensiya para sa kanila. Gunitain natin ang mga pangako roon sa mga nagdarasal ng Banal na

Rosaryo Penitensiyal nang may tunay na debosyon: “Doon sa mga namatay na napunta sa Purgatoryo, ipinapangako Ko na palalayain sila sa sunod na araw. Doon sa lahat na magdasal ng Rosaryong ito, ipinapangako Ko na mapadali ang pag-alis ng kanilang malapit na mga kamag-anak mula sa Purgatoryo.”

Ang temporal na parusa ay maaaring mapatawad sa birtud ng mga indulhensiya. Ang indulhensiya ay ang kapatawarang ibinibigay ng mga awtoridad ng Simbahan sa mga buhay sa pamamagitan ng absolusyon at sa mga namatay sa pamamagitan ng suprahiyo, mula sa tesorerya ng Simbahan. Ang Indulhesiya plenaryo at ang indulhensiyang parsiyal ay kapwa maaaring gamitin para sa Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo.

Isa pang madali at epektibong paraan para makatulong ay ang patuloy na pagdasal ng maikling may indulhensiyang mga panalangin at ang paggamit ng mga indulhensiiya pabor sa mga kaluluwa sa Purgatoryo, o ang pagkakaroon ng gawi sa madalas na pag-ulit araw-araw ng maikling mga panalangin, tulad ng: “Nawa ang mga kaluluwa ng mga mananampalatayang namatay, sa pamamagitan ng awa ng Diyos, ay mamahinga sa kapayapaan. Amen.” Ito ang lubos na nakaaaliw na mga debosyon dahil nagdadala ang mga ito ng mga dagat ng mga grasya sa sinumang gumawa ng mga ito at nagbibigay ng malaking ginhawa sa Banal na mga Kaluluwa. Ganoon din, ang mga limos ay nakatutulong sa banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo.

Ang mga panalangin at Banal na mga Misa ng mga Palmaryano ay malaking tulong sa mga kaluluwa sa Purgatoryo, tulad ng madalas sabihin ng Panginoon sa mga panahon ng mga Aparisyon: “Ako, ang inyong Tagapagligtas na si Hesus, ay lubos na nasisiyahan sa Banal na Misang ito na inialay nang may paggunita, sigasig at tunay na debosyon, kapwa ng Pari at sa parte ninyo. Sa mga sandaling ito, ang Misa sa araw na ito ay nakahatak ng daang mga kaluluwa palabas sa Purgatoryo; at ang lahat ng mga Kaluluwa na kaaalis lamang ay magiging inyong mga tagapamagitan par ekselans. Kung kaya, kapag kayo ay may mga problema, alalahanin ang mga kaluluwa sa Purgatoryo na inyong nailabas sa araw na ito… Sa bawa’t pagkakataon na maraming pagtitipon ng mga tao rito nagdarasal at gumagawa ng penitensiya, maraming mga makasalanan ang nakumbert, maraming mga kaluluwa ang naligtas at marami ang nakaalis sa Purgatoryo… Hindi niniyo maisip kung gaano karaming mga kaluluwa ang nakaalis sa Purgatoryo nitong dalawang Sabado sa panahon ng Adorasyon Nokturnal na ginawa Ninyo sa Sagradong Lugar na ito!... Nagpapasalamat Ako sainyo sa pagpunta sa Sagradong Lugar na ito nagmuni-muni sa Aking Pasyon, na kung saan ay nakapaglabas kayo ng maraming mga Kaluluwa sa Purgatoryo, at maraming mga makasalanan sa mundo ang nakumbert.”



Tungkol sa pagbalik na ginawa ng Banal na mga Kaluluwa roon sa mga tumulong sa kanila. Kahi’t na ang Banal na mga Kaluluwa ay hindi makatatamo ng mga merito para sa kanilang mga sarili, sila ay makatatamo ng malaking mga grasya para sa atin. Makatatamo sila ng lubos na nakagugulat na mga pabor para sa atin at mapalaya tayo mula sa demonyo, sakit at lahat ng uri ng mga panganib. Tiyak na tiyak, tulad ng nasabi na natin, na binabayaran nila tayo ng higit sa libong ulit sa lahat ng bagay na ginawa natin para sa kanila. Ang sumusunod na mga pangyayari ay sapat na para ipakita na ang mga kaluluwang ito ay makapangyarihan at bukas palad na mga kaibigan natin.

Paano ang dalaga ay natagpuan ang kanyang ina. Sa Pransya, may isang abang dalagang katulong, isang dalagang tinatawag na Jeanne Marie, minsan ay nakarinig ng isang sermon tungkol sa Banal na mga Kaluluwa, na nagkaroon ng hindi maburang impresyon sa kanyang isip. Lubos na naapektuhan sa isiping matindi at walang tigil na pagdurusang dinadaanan ng mga kaluluwang ito, siya ay nangilabot sa pagkakita kung gaanong lupit na nakakalimutan sila at binabalewala ng kanilang mga kaibigan sa mundo. Isa pang bagay na labis na tumimo sa kanya ay ang marinig na maraming mga Kaluluwa ang malapit na malapit nang makalaya na isang Misa na lamang ay sapat na para sa kanila; subali’t naaantala ng mahabang panahon, minsan mga taon, dahil lamang dito sa huli at kinakailangang suprahiyo ay nakalimutan o tinanggihan. May isang payak na pananampalataya, si Jeanne Marie ay nangako na, sa anumang halaga, siya ay mag-aalay ng isang Banal na Misa para sa Banal na mga Kaluluwa isa bawa’t buwan, lalo na para roon sa mga pinakamalapit na sa Langit. Pinipilit niya ang kanyang sarili, kung minsan may kahirapan, nguni’t hindi pumalya sa kanyang pangako. Sa isang okasyon siya ay pumunta sa Paris kasama ng kanyang among babae subali’t siya ay nagkasakit, at napilitan siyang maospital. Sa kawalang palad, ang sakit ay nangangailangan ng mahabang gamutan kaya ang kanyang amo ay kinailangang umuwi, umaasang sa madaling panahon ang kanyang katulong ay susunod sa kanya. Sa bandang huli nang ang kawawang katulong ay maaari nang umalis sa ospital, naubos na ang lahat ng kanyang naipon doon, kung kaya

tanging isang franc na lamang ang natira sa kanyang kamay. Ano ang kanyang gagawin? Saan pupunta? Dagli may pumasok sa kanyang isipan: naalala niya na hindi pa siya nakapag-alay ng Misa ng buwan na iyon para sa Banal na mga Kaluluwa. Pero isang franc lamang mayroon siya! Tama lamang sa isang kain. Dahil may sampalataya siya sa tulong ng mga Kaluluwa sa Purgatoryo, pumunta siya sa isang Simbahan at hiniling na makausap ang isang Pari para ipag-alay siya ng isang Misa para sa suprahiyo para sa mga Kaluluwa sa Purgatoryo. Tinanggap ng Pari, hindi naisipan na ang kaunting halagang mayroon ang dalaga ay ang tanging pera mayroon siya. Natapos ang Banal na Sakripisyo, ang ating bayani ay umalis sa Simbahan. Bakas, sa kanyang mukha ang kalungkutan, at pakiramdam niya ay halos hindi na alam ang gagawin. May isang ginoo, naawa sa kanyang nakikitang paghihirap, tinanong siya kung may problema siya at kung may maitutulong siya. Maikli niyang sinabi ang kanyang istorya, at nagtapos sa pagsasabing labis niyang nais na magtrabaho. Sa anumang paraan ay nakaramdam siya ng kasiyahan sa kung paano ang kabataang ginoo ay nakinig sa kanya, at nakabawi siya ng lakas ng loob. "Masisiyahan akong makatulong saiyo, - ang sabi niya - may kilala akong babae na sa mga sandaling ito ay naghahanap ng katulong. Sumama ka sa akin." At pagkasabi nito sinamahan niya siya sa isang bahay na malapit lamang at sinabihan siyang patunugin ang timbre, sinigurado sa kanya na makakukuha siya ng trabaho. Ang maybahay mismo ang nagbukas ng pintuan at tinanong si Jeanne Marie kung ano ang nais niya. "Madam, - ang sabi niya, - may nagsabi sa akin na naghahanap kayo ng isang katulong. Wala akong trabaho at magiging masaya ako kung makukuha ko ang posisyon." Nalito ang babae at sumagot: "Sino ang may sabi saiyo na nangangailangan ako ng katulong? Halos dalawang minutos pa lamang nang pinaalis ko ang dati, nasalubong mo ba siya?" "Hindi po madam; ang taong nagsabi sa akin na nangangailangan kayo ng katulong ay isang kabataang ginoo" – "Imposible! – sagot ng babae – walang kabataang lalake, sa totoo, walang nakaaalam na nangangailangan ako ng katulong." – "Pero madam – sabi ng dalaga, habang itinuturo ang isang larawan sa dingding – iyan ang lalaking nagsabi sa akin" – "Hindi, anak, siya ang tangi kong anak, na ngayon ay namatay na mahigit isang taon ang nakaraan!" – "Patay o hindi – paniniguro ng dalaga – siya ang nagdala sa akin dito, at sinamahan pa ako sa pintuan. Nakikita mo ang pilat sa kanyang noo. Kahi't saan ay makikilala ko siya." At sinabi niya sa kanya ang buong istorya, tungkol sa kanyang huling franc, at kung paano siya nag-aalay ng Misa para sa Banal na mga Kaluluwa, lalo na para roon sa mga pinakamalapit na sa Langit. Sa bandang huli ay nakumbinsi rin ni Jeanne Marie ang babae sa katotohanan ng kanyang kuwento, tinanggap siya ng babae nang may kagalakan. "Halika, hindi bilang katulong, nguni't bilang aking mahal na anak. Pinadala mo sa Langit ang aking pinakamamahal na anak. Hindi ako nag-aalinlangan na siya ang nagdala saiyo sa akin."



Paanong ang isang abang bata ay naging Obispo, Kardinal at Santo. Si San Pedro Damian ay nawalan ng kanyang ama at ng kanyang ina hindi nagtagal pagkapanganak. Ang isa sa kanyang mga kapatid na lalake ay inampon siya, subali't tinrato siya nang napakasama, kaya napilitan siyang magtrabaho nang napakahirap, pinakakain siya nang masama at binibigyan siya ng napakakaunting damit. Isang araw si San Pedro ay nakakuha ng isang pilak na barya, na nangahulugang isang maliit na kayamanan para sa kanya. Ang isang kaibigan ay pinayuhan siyang gastusin iyon sa kanyang sarili, dahil hindi matagpuan ang may-ari. Para kay Pedro mahirap desisyunan kung paano ito gagastahin, dahil marami siyang mga pangangailangan. Subali't nagbago ang kanyang isip, nagpasiya siyang ang pinakamainam na magagawa niya ay ang magpamisa para sa mga Kaluluwa sa Purgatoryo, lalo na sa mga kaluluwa ng kanyang mahal na mga magulang. Sa malaking sakripisyo ay ibinaling niya ang kanyang mga iniisip sa gawa at ang mga Misa ay inialay. Ang mga Kaluluwa sa Purgatoryo ay binayaran ang kanyang sakripisyo ng napakabukas-palad. Simula sa araw na iyon ay naobserbahan niya ang malaking pagbabago sa kanyang kapalaran: dinalaw siya ng kanyang nakatatandang kapatid na lalake sa bahay kung saan siya nakatira at, nasindak sa masamang trato na kanyang natatanggap, kinuha siya para doon na manirahan sa kanya. Tinrato siya bilang kanyang sariling anak, pinag-aral siya at pinangalagaan siya nang may pinakadalisay na pagmamahal. Maraming mga pagpapala ang dumating. Ang kanyang kahanga-hangang mga talento ay nagliwanag, at madali siyang nakarating sa pagiging isang Pari; hindi nagtagal siya ay itinaas sa dignidad ng Obispo, at sa bandang huli sa pagiging Kardinal. Maliban pa, maraming mga himala ang nagpatotoo sa kanyang kabanalan, kung kaya makaraan ang kanyang kamatayan siya ay kinanonisa at idineklarang Doktor ng Simbahan. Ang magagandang mga grasya na ito ay dumating sa kanya pagkatapos ng isang Misang inialay para sa Banal na mga Kaluluwa.

Isang abentura sa Bundok Apennine. Isang grupo ng mga Pari ang pinatawag sa Roma para talakayin ang isang importanteng bagay. May dala silang importanteng mga dokumento; at malaking halaga ng pera para sa Santo Papa ang ipinagkatiwala sa kanila. Alam nila ang katotohanan na ang Apennines, na kanilang tatawirin, ay napakaraming mga bandido, pumili sila ng isang mapagkakatiwalaang gabay. Nang mga panahong iyon ay wala pang mga tunel o lagusan sa ilalim ng lupa o mga tren sa pagtawid sa mga bundok. Ipinagkatiwala nila ang kanilang mga sarili sa pangangalaga ng Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo at nagpasiyang dasalin ang "De profűndis (Mula sa labas sa kailaliman sumisigaw ako sa Iyo, Panginoon…) para sa kanila sa bawa't oras. Nang sila ay makarating na sa kalagitnaan ng bundok, iyong nangunguna ay nagbigay sa kanila ng alarma at sa parehong pagkakataon ay inudyukan ang mga kabayo na mag-iskape. Tumingin sa paligid, nakakita ang mga Pari ng pangkat ng mga armadong mga bandido na nakatutok sa kanila sa magkabilang dako ng daan. Sila ay natambangan at nasa kamay ng mga kriminal. Makalipas ang isang oras ng nakatatakot na paglalakbay, tumigil ang gabay, at tumingin sa mga Pari at nagsabi: "Hindi ko maunawaan kung paanong kayo ay buhay pa. Ang mga taong ito ay walang pinatatawad na sino man." Ang mga Padre ay kumbinsidong utang nila ang kanilang kaligtasan sa Banal na mga Kaluluwa, tulad ng nakumpirma pagkalipas sa pamamagitan ng isang pangyayaring pumawi sa lahat ng pag-aalinlangan. Nang matapos na nila ang kanilang misyon sa Roma, ang isa sa kanila ay natalaga sa Eternal na Lungsod, bilang isang kapelyan sa bilangguan. Hindi pa natatagalan, ang isa sa pinakakilabot na mga bandido sa Itallya ay nahuli at nahatulan ng kamatayan dahil sa maraming sunod-sunod na mga pagpatay, at naghihintay ng pagbitay sa kanyang selda. Sabik na makakuha ng tiwala, ang kapelyan ay nagkuwento ng kanyang mga abentura, kasama roon iyong tungkol sa Apennines. Ang kriminal ay nagpakita ng malaking interes sa istorya. Nang matapos ang Pari sa kanyang kuwento, ang mamamatay ay napabulalas: "Ako ang lider ng pangkat na iyon! Sigurado kaming may dala kayong pera at napagkasundan naming patayin at pagnakawan kayo. Nguni't may hindi nakikitang puwersa ang pumigil sa amin para magpaputok; gusto namin, pero hindi namin magawa." Ang Kapelyan ay sinabihan ang kriminal kung paano nila ipinagkatiwala ang kanilang mga sarili sa proteksiyon ng mga Kaluluwa sa Purgatoryo, at iniugnay nila ang kanilang kaligtasan sa kanilang proteksiyon. Ang bandido ay hindi nahirapang paniwalaan into. Sa katotohanan, naging madali ito para sa kanyang kumbersiyon. Siya ay namatay na nagsisi.

Paano nagamot si San Pio IX sa kanyang pagiging makalimutin. Ang Papa San Pio IX ay itinalaga ang isang banal at maingat na relihiyoso na tinatawag na Tomas bilang Obispo ng isang Diyosesis. Ang Pari, naalarma sa responsibilidad na ibinigay sa kanya, ay seriyosong nagdahilan. Ang kanyang mga pagprotesta ay bigo. Ang Banal na Papa ay alam ang kanyang mga merito. Puspos ng takot, ang mapagpakumbabang prayle ay humiling na makipagkita sa Banal na Papa at sinabing siya ay may masamang memorya o makalimutin, na maaaring malaking hadlang sa mataas na katungkulang ipinagkatiwala sa kanya. Si Pio IX ay sumagot na may ngiti: "Ang iyong diyosesis ay napakaliit kumpara sa Unibersal na Simbahan, na aking pasan. Ang iyong mga gawain ay magaan kumpara sa akin; at – dugtong niya – ako rin ay may masamang memorya, subali't nangako akong magdarasal nang taimtim araw-araw para sa Banal na mga Kaluluwa, na bilang kapalit ay nakatamo ng napakahusay na memorya para sa akin. Gawin mo rin ang ganoon, mahal na Padre, at magkakaroon ka ng isang bagay na makapagpapaligaya saiyo."



Mas marami tayong ibinibigay mas marami tayong matatanggap. May isang negosyante mula sa Boston na sumali sa isang samahan para sa Banal na mga Kaluluwa at nagbigay ng malaking halaga ng pera bawa't taon para sa mga Misa at mga dasal pabor sa kanila. Ang direktor ng asosasyon ay nasorpresa sa pagiging bukas-palad ng ginoo, sapagka't alam niya na hindi siya mayaman. Isang araw ay tinanong niya ang lalake nang masinsinan kung ang mga limos na ibinibigay niya nang napakabukas-palad ay lahat galing sa kanya o mga koleksiyong ginawa mula sa iba. Sumagot ang lalake: "Ang lahat ng ibinibigay ko sainyo ay sarili kong alay. Huwag kayong maalarma. Hindi ako mayaman at iniisip ninyo na nagbibigay ako nang labis sa mayroon ako. Hindi ganoon; malayong mawala dahil sa aking pagkakawanggawa. Ang Banal na mga Kaluluwa ay tinutulungan ako para kumita ng malaki kaysa sa aking ibinibigay; walang sinumang makatatalo sa kanila sa pagkakawanggawa."

Ang manlilimbag sa Cologne. Si William Freyssen, may-ari ng isang palimbagan sa Cologne, ay nagbigay ng isang testimonya kung paanong ang kanyang anak at asawa ay naibalik ang kanilang kalusugan salamat sa mga Kaluluwa sa Purgatoryo. Isang araw ay may nagpaimprenta sa kanya ng isang librito tungkol sa Purgatoryo. Habang ginagawa niya ang pag korek ng texto, ang kanyang atensiyon ay natawag ng mga pangyayaring nakasulat sa aklat. Sa unang pakakataon ay nalaman niya ang mga kababalaghan na maaaring magawa ng Banal na mga Kaluluwa para sa kanilang

mga kaibigan. Nang mga panahong iyon ang kanyang anak ay may malalang karamdaman, at ang kanyang kondisyon hindi nagtagal ay naging desperado. Naalala niya ang kanyang nabasa tungkol sa kapangyarihan ng Banal na mga Kaluluwa. Si Freyssen ay gumawa ng isang solemneng pangako na mag-iimprinta ng isang libong librito sa kanyang sariling gastos sa kanyang limbagan. Pumunta siya sa Simbhan at nang nasa loob na, ay ginawa ang solemneng pangako. Nang mga sandaling iyon ay nakaramdam siya ng kapayapaan at ang pag-asa ay bumaha sa kanyang kaluluuwa. Sa kanyang pagbabalik sa tahanan, ang kanyang anak, na hindi man lamang halos makalunok ng isang patak ng tubig, ay humingi ng makakain. Nang sumunod na araw siya ay nakaligtas na sa panganib, at hindi nagtagal ay tuluyang gumaling.



Kung kaya si Freyssen ay nag-atas na ipamigay ang mga librito tungkol sa Purgatoryo, sa pagkakaalam na ang pinakamabisang paraan para makatamo ng tulong mula sa nagdurusang mga Kaluluwa ay bigyan sila ng interes. Walang ni isa mang nakaaalam sa mga pagdurusa ng kawawang mga kaluluwang ito ang magkakait sa kanila ng panalangin. Nagdaan ang mga panahon at may bagong kalungkutan ang nagpahirap sa tagalimbag. Sa panahong ito ang kanyang pinakamamahal na asawa ay nagkasakit, at sa kabila ng lahat ng pangangalaga ay lumala ng lumala. Nawalan siya ng tamang kaisipan at halos ay naging paralisado, kung kaya ang mga doktor ay kaunting pag-asa lamang ang ibinigay sa kanya. Ang kanyang asawa, naalaala ang lahat ng ginawa ng mga kaluluwa sa Purgatoryo para sa kanyang maliit na anak na lalake, muli ay tumungo sa Simbahan, at nangako nang solemne, tulad ng ginawa niya sa nakaraan, na maglimbag ng dalawandaang mga librito tungkol sa Purgatoryo, sa simula, bilang mabilisang tulong para sa Banal na mga Kaluluwa. Imposibleng ikuwento. Ang kalagayan sa isip ng kanyang asawa ay nawala, at nagsimula niyang igalaw ang kanyang dila at mga paa. Sa sandaling panahon siya ay kumpletong lumusog.

Paggaling sa kanser. Si Joanna de Menezes ay magkukuwento sa atin ng kanyang paggaling. Siya ay may kanser sa kanyang binti at nabaon sa malalim na sakit. Naalaala niya ang kanyang narinig tungkol sa kapangyarihan ng mga Kaluluwa sa Purgatoryo, siya ay nagresolbang ilagay ang lahat ng kanyang pananampalataya sa kanila at nag-alay ng Banal na mga Misa para sa kanila. Nangako siyang ilalathala ang kanyang paggaling sa pahayagan, kapag ito ay maganap. Ang tumor at kanser ay unti-unting nawala.

Ang pagkatakas sa isang hold-up. Si Padre Luis Manaci, isang masigasig na misyonero, ay may malaking debosyon sa mga kaluluwa sa Purgatoryo. Minsan siya ay nagkaroon ng isang mapanganib na paglalakbay, nguni't may malaking pananampalataya ay hiniling sa Banal na mga Kaluluwa na pangalagaan siya sa mga panganib na masasalubong niya. Ang kanyang ruta ay nasa gilid ng disyerto, bantog na pinamumugaran ng mapanganib na grupo ng mga kriminal. Habang siya ay nagdarasal ng Rosaryo para sa mga kaluluwa ng mga namatay, gaanong pagkasorpresa niya nang matagpuan ang kanyang sarili na napaliligiran ng mga guwardiya ng banal na mga ispiritu. Mabilis niyang nadiskubre ang rason. Siya ay dumaan sa isang pananambang, subali't ang Banal na mga Kaluluwa ay pinaligiran siya at itinago sa pagkakita, na hindi siya nakita ng masasamang loob na nais siyang patayin. Sinamahan nila siya hanggang siya ay ligtas at wala nang panganib.

Ang muling pagkabuhay. Ang Superiyor ng Cirfontaines ay nagsalaysay ng kanyang kuwento para sa atin: "Ang isang kabataan sa aking Parokya ay nagkasakit ng tipus. Ang kanyang mga magulang, lubos na nalungkot, ay pinakiusapan ako na ipagkatiwala siya sa mga panalangin ng mga kasapi ng Asosasyon ng Banal na mga Kaluluwa. Sabado noon. Ang bata ay halos naghihingalo na. Sinubukan na ng mga doktor ang lahat ng tulong, lahat ng remedyo. Ang lahat ay bigo. Wala silang matagpuang paraan para mapabuti ang kanyang kalagayan. Tanging ako na lamang ang may natitirang pag-asa. Alam ko ang kapangyarihan ng Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo, dahil nakita ko na kung ano ang kanilang magagawa. Linggo pinakiusapan ko ang mga kaluluwang ito para ipagdasal nang taimtim ang aming may sakit na kaibigan. Pagdating ng Lunes ang panganib ay dumaan. Ang bata ay gumaling.

Basahin ninyo ito at gumising! "Sa aking mahabang buhay – sulat ng isang Pari – nakita ko ang maraming pagpapakita ng pagiging bukas-palad ng mga Katoliko para sa mahihirap at nangangailangan, ayon sa utos ng Ating Panginoon. Napagmasdan ko rin na ang ibang mga Katoliko ay, natural, napakabukas-palad at mabuti. Ang iba ay nag-aalala sa mga mahirap, ang iba sa mga may sakit. Mga ketongin, mga pasyente sa kanser, may deperensiya sa isip, lahat sila ay may mga kaibigan. Ang iba ay piniling tulungan ang mga kabataan, ang mga puso ng iba ay para sa mga matanda. Ang pinakapambihira sa lahat ay wala akong nakitang ni isang lalake o babae na itinatalaga ang kanilang sarili nang lubos, nang buong puso nila, sa isa sa pinakadakila sa lahat ng kawanggawa, sa pinakahigit na nangangailangan, ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo. May iba rin, subali't sa aking mahaba at iba't-ibang karanasan, wala akong natagpuan ni isa man." At ang mga salitang ito ng Pari ay totoo! Nakikiusap kami roon sa mga hindi pa inaalay ang

kanilang mga sarili sa anumang partikular na porma ng kawanggawa, na ialay ang kanilang mga sarili kasama ang lahat ng kanilang lakas para sa Banal na mga Kaluluwa. Gawin ninyo ng lahat ng inyong magagawa para sa kanila personal at himukin ang iba na gawin din ang pareho.

Si Santa Maria Luisa Brault née Richard ay ginugugol ang buong Nobyembre at malaking parte ng buwan ng Disyembre kasama ang mga kaluluwa sa Purgatoryo, na kanyang ipinagdarasal at pinagbabayaran. Siya ay lubos na nagdusa para sa kanila. Tinatawag niya silang “kanyang mahal na mga kaibigan” at nais na ang lahat ay magkaroon ng interes sa paglabas sa kanila sa Purgatoryo. Ang kilalang-kilalang mga kuwentong naiwan niya sa sulat tungkol sa maraming bilang sa kanila ay nag-iwan ng walang duda tungkol sa katotohanan ng kanyang mga ipinahayag.

Tertullian, sa “Mga Akto ng Pagiging Martir ni Santa Felicidad at Santa Perpetua” ay nagtala ng isang karanasan ni Santa Perpetua noong taong 201. Isang gabi, habang siya ay nasa bilangguan, ay nakita niya ang kanyang kapatid na si Dinocrates, na namatay sa edad na pitong taon dahil sa isang tumor sa mukha. Ganito ang sinabi niya: “Nakita ko si Dinocrates na umalis sa isang madilim na lugar kung saan maraming iba pa ay nakakulong, nahihirapan sa init at pagkauhaw. Siya ay napakaputla. Sa lugar kung saan ang aking kapatid, ay mayroong lawa ng tubig, subali’t mas mataas sa isang bata ang taas, at ang aking kapatid ay hindi makainom. Naunawaan ko na ang aking kapatid ay nagdurusa. Kung kaya, nagdasal ako nang taimtim sa araw at sa gabi, hiningi ko na siya ay maginhawahan… Isang hapon ay muli kong nakita si Dinocrates, napakalinis, maganda ang damit at lubos na matatag muli. Ang sugat sa kanyang mukha ay gumaling na. Ngayon siya ay nakaiinom na ng tubig sa lawa at siya ay uminom nang napakasaya. Nang siya ay nakuntento, siya ay nagsimulang maglaro sa tubig. Nagising ako at naunawaan ko na siya ay nakaalis na mula sa lugar na iyon ng paghihirap.”




Si San Nicolas ng Tolentino, na nabuhay noong XIII siglo, ay nagkaroon ng isang mistikal na karanasan na naging dahilan para siya ay maging isang patron ng mga kaluluwa sa Purgatoryo. Isang Sabado ng gabi, makaraan ang mahabang pagdarasal, nang sa kanyang sopa habang nagsisikap na makatulog, ay nakarinig siya ng nakaaawang boses na nagsabi sa kanya: “Nicolas, Nicolas, tingnan mo ako at tingnan kung kilala mo pa ako. Ako ang iyong kapatid at kasamang si Brother Peregrino. Sa matagal na panahon ako ay nagdusa nang labis sa Purgatoryo. Kaya hinihingi ko saiyo na mag-alay ng Banal na Misa para sa akin bukas para lubos na akong makalaya at makalipad papunta sa Langit… Halika at tingnan mo.” Ang Santo ay sinundan siya at nakakita ng malaking kapatagan nagsisiksikan ang hindi mabilang na mga kaluluwa, sa gitna ng ipoipong nagdadalisay na mga apoy, na iniaabot ang kanilang mga kamay sa kanya, tinatawag ang kanyang pangalan at humihingi ng kanyang tulong. Naantig sa bisyon na ito, isiniwalat niya ito sa Superiyor na binigyan siya ng permiso na mag-aplika ng Misa para sa mga kaluluwa sa Purgatoryo sa loob ng maraming araw. Makaraan ang pitong araw, si Brother Peregrino ay muling nagpakita sa kanya, ngayon ay maliwanag at maluwalhati, kasama ng ibang mga kaluluwa para magpasalamat sa kanya at ipakita sa kanya ang bisa ng kanyang mga petisyon. Ito ang umpisa ng debosyon ni San Nicolas na septenaryo para sa mga kaluluwa sa Purgatoryo, ang ibig sabihin, magkaroon ng mga Misa para sa mga kaluluwa sa Purgatoryo na idadaos sa loob ng pitong magkakasunod na mga araw.

San Istanislao. Noong ika-XI Siglo, isang hindi pangkaraniwang pangyayari ang naganap sa buhay ni San Istanilao, Obispo ng Cracow, Poland. Ang isang Pedro Miles ay rinegaluhan siya ng mga lupaing kanyang pag-aari, para sa Simbahan. Ang kanyang mga heredero, alam ang pagtulong ng monarko, ay nagsuhol ng ilang mga saksi at nagtagumpay para ikundena ang Santo para ibalik ang mga lupaing iyon. Si San Istanislao ay nagsabi sa kanilang hihingi siya ng tulong sa namatay na lalake, namatay tatlong taon na ang nagdaan, para magbigay ng patunay sa kanyang donasyon. Makaraan ang tatlong araw na pag-ayuno at pagdasal, kasama ang pari at malaking bilang ng mga mananampalataya, siya ay tumungo sa libingan ni Pedro Miles, na kanyang pinabuksan. Ang natagpuan nila ay tanging mga buto at kaunting iba pa. Sa ngalan ng Diyos, ay tinanong ng Santo ang patay, para magbigay ng testimonya, at siya, sa isang himala ng Diyos, ay bumangon mula sa libingan at nagbigay ng testimonya sa harapan ni Prinsipeng Boleslao, na naroon, sa katotohanan ng donasyon. Ang patay ay humingi lamang sa banal na Obispo at sa lahat ng naroon na mag-alay ng maraming mga panalangin para sa kanya para makalaya mula sa mga pagdurusang kanyang dinadaanan sa Purgatoryo. Ang pangyayaring ito, lubos na makasaysayan, ay ipinagmamalaki ng maraming mga taong naging saksi roon.

Si San Alfonso ng Liguori ay nagkuwento ng isang kaparehong kaso. May isang kabataang babae na tinatawag na Alexandra, na linigawan ng dalawang lalakeng kabataan. Ang dalawa ay nag-away at natapos sa pagkamatay sa gitna ng

kalsada. Dahil sa pagiging dahilan ng kamatayan ng dalawang kabataan, ang mga kamag-anak nila ay pinugutan siya at itinapon ang kanyang ulo sa isang balon. Makaraan ang ilang araw, si Santo Domingo ng Guzman ay dumaan doon at, sa inspirasyon ng Diyos, tumingin sa direksiyon ng balon at nagsabi: "Alexandra, lumabas ka". At si Alexandra ay nakitang buhay, humingi ng kumpisal. Pinakumpisal siya ng Santo at binigyan siya ng Komunyon sa harap ng maraming mga taong maaaring makapagpatunay sa kaganapan. Si San Alfonso Maria ng Liguori ay nagsabi: "Ang kabataang babae ay nagsabing, nang siya ay pinugutan nila, siya ay may mortal na kasalanan, subali't binigyan siya ng Birhen ng oportunidad para magkumpisal, dahil siya ay nagdasal ng Rosaryo araw-araw. Pagkatapos ng lahat ng ito, ang kanyang kaluluwa ay pumunta sa Purgatoryo. Pagkatapos ng isa pang labinlimang araw, siya ay nagpakita sa parehong Santo Domingo na mas maganda at maliwanag kaysa sa araw mismo, at sinabi sa kanya na ang isa sa pinakamabisang mga suprahiyo para sa Banal na mga Kaluluwa ng Purgatoryo ay ang Banal na Rosaryo. Nang masabi ito, ay nakita ng maluwalhating si Santo Domingo na siya ay pumasok sa mansiyon ng eternal na kaligayahan na puno ng ligaya."



Santa Liduvina (1380 – 1433). Ang lumang mga pahayagan ay nag-ulat na, hindi pa natatagalan sa pagiging paralisado, isang gabi siya ay nanaginip na ang Ating Panginoon ay pinapili siya sa sumusunod na pagpipilian: "Bilang kabayaran sa iyong mga kasalanan at para sa kumbersiyon ng mga makasalanan, ano ang pipiliiin mo? 38 taon bilang isang imbalido sa kama o 38 oras sa Purgatoryo?" at na sumagot si Liduvina: "Pipiliin ko ang 38 oras sa Purgatoryo." At naramdaman niyang siya ay namatay, at siya ay pumunta sa Purgatoryo at nagsimulang nagdusa. At lumipas ang 38 oras, at 380 oras, at 3,800 na oras, at ang kanyang pagiging martir ay hindi natapos, at sa wakas tinanong niya ang isang Anghel na dumaan doon: "Bakit ang Ating Panginoon ay hindi tinupad ang kontratang pinagkasunduan namin? Sabi niya pumarito ako sa Purgatoryo sa loob ng 38 oras at 3,800 na oras na ngayon." Ang Anghel ay umalis at nag-usisa, at bumalik na may ganitong sagot: "Ano, ilang oras na sa palagay mo na nasa Purgatoryo ka?' – "Buweno, 3,800!" – Alam mo ba kung gaano ka na katagal na namatay? Wala pang limang minutos simula nang mamatay ka. Ang iyong bangkay ay mainit pa at hindi pa malamig. Hindi pa alam ng pamilya mo na ikaw ay namatay. Hindi pa nakalilipas ang limang minutos, at akala mo na 3,800 na oras na?" Pagkarinig nitong matalim na sagot, si Liduvina ay natakot at sumigaw: "Diyos ko, kung ganoon ay pipiliin ko ang manatiling isang imbalido sa loob ng 38 taon sa mundo." At siya ay nagising. At tunay nga siya ay naging paralisado sa loob ng 38 taon, at doon sa mga naaawa sa kanya ay sinasabihan niya: "Mag-ingat dahil ang Hustisya ng Diyos ay napakahigpit sa kabilang buhay. Huwag magkasala sa Diyos, sapagka't ang parusang naghihintay para sa mga makasalanan sa eternidad ay napakaterible, na hindi natin halos maisip." At masaya siyang nagdusa sa kanyang pagiging paralisado at sa ganoon ay bayaran ang kanyang sariling mga kasalanan at makatamo ng kaligtasan para sa maraming mga makasalanan.

Si San William ng Toulouse ay malawakang nagpasimula ng dalangin para sa Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo. Sa isang pagkakataon, may isang mayamang babae ang nagbigay sa kanya ng ilang ginto at pinakiusapan siya na magdasal para sa kanyang namayapang mga kamag-anak. Ang Santo ay nag-usal ng malakas na panalangin: "Bigyan sila ng walang hanggang pahinga, O Panginoon, gawin Ninyong ang Inyong walang hanggang liwanag ay sumikat sa kanila. At bigyan sila ng kapayapaan." Ang babae ay nakaramdam ng malaking pagkabigo, sapagka't ang nasa isip niya na ang kanyang pera ang kapantay ay mas maraming mga dasal. Ang Santo ay sinabihan siya na isulat ang dasal na kanyang binigkas sa isang pirasong papel, at ilagay iyon sa isang panig ng timbangan at sa kabila ang gintong ibinigay niya sa kanya. Tumalima ang babae, at nagulat na makita na ang dasal ay mas mabigat ang timbang kaysa sa ginto.

San Pio ng Pietrelcina. Ang sumusunod ay mga testimonya ng mga pagbisita ng mga kaluluwa sa Purgatoryo kay San Pio. Noong Mayo 1922, si Padre Pio ay nagdeklara ng sumusunod sa Obispo ng Melfi at gayundin sa Superiyor ng kanyang seminaryo at sa iba pang limang mga prayle. Ang isa sa limang mga brother ay nagsulat ng sumusunod na kuwento: Isang gabing taglamig pagkaraan ng malakas na niyebe, si Padre Pio ay nakaupo malapit sa tsimenea sa kanyang silid sa monasteryo, taimtim na nagdarasal, nang ang isang matandang lalake, nakasuot ng lumang kapa na ginagamit pa ng mga magsasaka sa Timog ng Italya, ay naupo sa kanyang tabi. Bilang respeto sa lalaking ito, nagsabi siya: 'Hindi ko maisip kung paano siya nakapasok sa seminaryo sa oras na iyon ng gabi dahil ang lahat ng mga pintuan ay

nakatrangka.Tinanong ko siya: Sino ka? Ano ang nais mo?' Nagsabi ang matandang lalake sa kanya: 'Padre Pio, ako si Pietro Di Mauro, anak ni Nicolas, na tinatawag na Precoco. Namatay ako sa seminaryong ito noong ika-18 ng Setyembre 1908, sa selda numero 4, nang ito ay isa pang asilo para sa mga mahirap. Isang gabi, habang nasa kama, nakatulog ako na may nakasinding sigarilyo, na nakasunog sa kutson, at ako ay namatay sa kakapusan ng paghinga at mga paso. Ako ay nasa Purgatoryo pa. Kailangan ko ng isang Banal na Misa para makalaya. Pinahintulutan ako ng Diyos para pumarito at humingi ng tulong saiyo'. Si Padre Pio ay nagsabi sa amin: 'Pagkatapos na mapakinggan ko siya, ay sumagot ako: 'Siguruhin mong bukas ay magdaraos ako ng Banal na Misa para ikaw ay makalaya'. Tumayo ako at sinamahan siya sa pinto ng seminaryo para makaalis siya, na hindi ko naisip na ang pinto ay nakatrangka nang panahong iyon. Binuksan ko iyon at inihatid siya. Ang buwan ay natatanglawan ang plasa, na natatakpan ng niyebe. Nang hindi ko na siya nakita pa sa aking harapan, isang pakiramdam ng pagkatakot ang naramdaman ko at sinarahan ko ang pinto, bumalik sa silid pambisita at nakaramdam ng panghihina.' Makaraan ang ilang araw, sinabi ni Padre Pio kay Padre Paulino ang nangyari, at ang dalawa ay nagpasiyang pumunta sa bayan kung saan ay hinanap nila ang mga importanteng mga naganap ng taong 1908, at nakitang noong ika-18 ng Setyembre ng taong iyon, may isang Pietro Di Mauro ang namatay nga sa mga paso at kakapusan sa paghinga sa silid bilang 4 ng seminaryo, na noon ay ginamit bilang tirahan ng mga taong walang bahay."



Si San Pio ay nagkuwento rin kay Brother Alberto tungkol sa isang aparisyon ng isng kaluluwa sa Purgatoryo na naganap sa kaparehong panahon. Nagsabi siya sa kanya: "Isang gbi, habang taimtim na nagdarasal sa koro ng isang maliit na simbahan, ako ay nanginig at nabalisa sa ingay ng mga yabag at ng mga kandila at mga plorera ng bulaklak na ginagalaw sa Altar mayor. Naisip ko na may tao roon, at sumigaw: 'Sinong nandiyan?' Walang sumagot. Bumalik sa pagdarasal, ang kaparehong mga ingay ay linigalig akong muli. Natural, sa oras na ito ay naisip ko na isa sa mga kandila sa harap ng imahen ng Ating Birhen ng Grasya ay nahulog. Gusto kong makita kung ano ang nagaganap sa Altar, tumayo ako, pumunta sa rehas na bakal at, sa anino ng ilaw sa tabernakulo ay may nakitang isang kabataang prayle na nagpapalis. Akala ko siya si Padre Leone na nag-aayos ng Altar; at dahil oras na para maghapunan, linapitan ko siya at sinabihan siya: Padre Leone, maghapunan ka na, hindi ito ang oras para maglinis ng Altar". Nguni't ang isang tinig na hindi kay Padre Leone ay sumagot sa akin: 'Hindi ako si Padre Leone', 'kung ganoon sino ka?' tanong ko sa kanya. 'Ako ay isang brother mo na nagnobisyado rito; Ang misyon ko ay maglinis ng Altar sa taon ng aking nobisyado. Sa kasamaang palad, sa panahong iyon ay hindi ko binigyan ng tamang paggalang ang Sakramentadong Hesus, Makapangyarihang Diyos, na dapat kong ginawa, habang dumaraan sa harap ng Altar, na nagdulot ng malaking lungkot sa Banal na Sakramento dahil sa aking kawalang galang; dahil na ang Panginoon ay naroon sa Tabernakulo para parangalan, purihin at sambahin. Dahil dito sa malaking kapabayaan, ako ay nasa Purgatoryo pa. Ang Diyos, sa Kanyang walang hanggang awa, ngayon ay pinapunta ako rito para ikaw ang magdesisyon kung anong sandali ako maaaring lumasap ng Paraiso, at nang sa gayon, ay pangalagaan mo ako'. Nais kong maging bukas palad sa kaluluwang iyon na nagdurusa, kaya napasigaw ako: "Bukas ng umaga ikaw ay nasa Paraiso na, pagdaos ko ng Banal na Misa'."

Huwag kayong tumigil sa pagdasal para sa mga Kaluluwa sa Purgatoryo. Ang banal na pagmamahal ay hindi lamang tayo pinangangaralan, subali't inoobliga tayong magdasal para sa banal na mga kaluluwang iyon, na may malaking pangangailangan sa ating mga dasal. Ang pagmamahal ng Kristiyano ay tumutulong hindi lamang sa mga buhay, subali't sa lahat ng namatay sa grasya. Na kung saan ay nagpapahiwatig na tulad ng tayo ay may obligasyong tumulong sa ating kapwa na nabubuhay sa mundo at nangangailangan ng ating tulong, ganoon din kasama sa ating mga obligasyon ay ang bigyan ng pabor itong banal na mga bihag. Tunay na sila ay nagdurusa nang napakalaki na nakahihigit sa lahat ng mga kahirapan sa buhay na ito; at dagdag pa, ay nangangailangan din ng ating tulong, sapagka't wala silang magawa para sa kanilang mga sarili; ang katotohanang ito ay ideneklara ng isang namatay na mongheng Cistercian, na nagpakita sa kanyang sakristan sa monasteryo, ay nagsabi sa kanya: "Tulungan mo ako sa pamamagitan ng iyong mga dasal; dahil wala akong magagawa sa aking sarili lamang." At kung ang lahat ng mga mananampalataya ay obligadong tulungan iyong Banal na mga Kaluluwa, gaano pa dapat ang relihiyoso ay pangalagaan sila sa pamamagitan ng kanilang mga dasal, na inilagay ng Diyos sa mga monasteryo, na mga bahay ng panalangin! Huwag ding kalimutan, bawa't araw, sa lahat ng inyong mga dasal na irekomenda sa Diyos iyong mga kaluluwang esposo sa Kanya na humihingi ng ilang

tulong. Higit sa lahat, iaplika sa kanilang kaginhawahan ang mga Misa na inyong dinaluhan, sapagka't iyan ay isang malaking suprahiyo para sa Banal na mga Kaluluwang iyon, na hindi nakalilimot na magpasalamat, at kahi't na bihag sa nakatatakot na isang kulungan, ay nakatatamo ng napakahusay na mga grasya para sa atin mula sa Diyos, at mas lalo pang magpapasalamat pagkaraang sila ay makarating na sa Paraiso.

Ang heresiarkang si Luther ay kinumpleto ang kanyang gawaing pagsira sa pamamagitan ng pagtanggi sa Purgatoryo at samakatuwid ang pangangailangan ng dasal para sa patay. Ganoon pa man ang katuwiran mismo ay kinikilala ang pagkakaroon ng Purgatoryo bilang kinakailangan, dahil imposible sa Diyos na ipadala sa Impiyerno ang isang kaluluwang napapalamutian ng Grasyang Nagpapabanal, at imposible rin naman para sa kaluluwang iyon, na may bahid ng ilang kasalanan, gaano man kaliit, ay matanggap kagyat para makita ang Diyos, na Walang Hanggan ang Kabanalan. KInakailangan, kung gayon, na ang Kaluluwa ay dalisayin upang makapasok sa Langit. Sa dahilang ito, maraming mga pagano ang nakaunawa at inamin ang pagkakaroon ng isang lugar ng temporal na kaparusahan para sa patay.

Malinaw na ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo ay nangangailangan ng ating tulong, at na tayo ay may malaking tungkulin para tulungan sila, kahi't na hindi natin alam kung sino o kung ilan sila. Paano natin maisasakatuparan ito nang mabuti at sa parehong pagkakataon ay maisakatuparan ang ating tungkuling ispiritwal para matulungan ang ating mga pamilya, ang mga naghihingalo, mga makasalanan at ang buong Simbahan? Ang sagot ay matatagpuan sa Pontipikal na Dokumento bilang 47 ni Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila, na kung saan ay



binuwag niya ang lumang batas ng mga limos sa Misa at inihatid ang mga bunga ng lahat ng Banal na mga Misa kay Mariang Pinakabanal, upang Siya, may lubos na Kalayaan, ay iaplika ang bawa't Misa para sa tao o intensiyon na nais Niya mismo, at sa ganoon ay ipagkaloob ang mga bunga sa higit na mas nangangailangan. Ang Imakuladang Birhen Maria, bilang Unibersal na Tesorera at Tagapamahagi ng lahat ng mga Grasya, ay binigyan ng kapangyarihan para mamahagi ng mga grasyang iyon nang bukas palad. Si Maria ay Tesorera ng hindi nauubos na Kayamanan, Siya ay puno ng Grasyang nag-uumapaw. Sa pamamagitan nito, ang buong Simbahan ay nakikinabang ng mas marami, dahil ang Pinakabanal na Birheng Maria, sa bawa't Misa, ay inilalagak ang intensiyon na may pinakahigit na pangangailangan at, higit sa lahat, ng pinakamalaking pangangailangang ispiritwal. Sa ganitong paraan ang mananampalataya ay lubos na nagtitiwala sa Kanilang Ina sa Langit, na kaya Niyang iaplika ang mga grasya nang may pinakamahusay na talino. Alam ni San Gregoryo XVII sa pamamagitan ng rebelasyon na ang pamamahagi na ito ng mga bunga ng Banal na Misa sa Pinakabanal na Maria, na inireserba ng Banal na Ispiritu para sa Huling mga Panahon na ito, ay nagdadala ng paglaya ng hindi mabilang na Banal na mga Kaluluwa mula sa Purgatoryo sa magandang paglipad tungo sa Simbahang Matagumpay, at ang kumbersiyon ng hindi mabilang na mga makasalanan, at nagdadala sa maraming mga kasapi ng Simbahan sa mataas na antas ng kabanalan.

Ang pamamahaging ito ay tumutugon sa ispiritwal na pakikiisa ni Birheng Maria sa Pari, at sa pangakong total na pagpapaalipin ng ating buong pagkatao sa Pinakabanal na Birheng Maria na ipinopropesa ng lahat ng mga Carmelitas ng Banal na Mukha. Hindi na pera ang ibinabayad para sa pagdaos ng Banal na Misa para sa isang partikular na intensiyon, sa halip ay ang lahat ng mga grasya ng Misa ay ibinibigay kay Mariang Pinakabanal para iaplika Niya ang mga iyon ayon sa nais Niya. At marapat na ang bawa't isa ay gawin ang kapareho sa kanilang mga dasal at mga merito, para ang lahat sa gayon ay mailagak sa malaking pakinabang at tayo ay makatiyak na isinasakatuparan ang lahat ng ating mga tungkuin na hindi nakalilimutan ang anumang intensiyon. Sa pagmasid sa kasalukuyang mundo, ay makikita natin na iyong mga napupunta sa Purgatoryo ngayon ay nagpapasan ng napakarami para pagdusahan at nangangailangan ng malaking tulong. Kaunti lamang ang Palmaryanong mananampalataya, ang Banal na mga Misa ay kaunti. Makikitang ngayon ay importanteng maglapat ng ispiritwal na mga bagay nang matalino, para dumami ang mga iyon at makarating sa lahat ng mga nangangailangan, buhay at patay. Kaya ang Banal na Ispiritu ay naglaan para sa Huling mga Panahon na ito sa

pamamahagi ng mga bunga ng Banal na Misa kay Mariang Pinakabanal, para iaplika Niya ang mga iyon nang bukas palad at may lubos na pagkaunawa.

Ang makabayaning gawain, tinawag na ganoon, o promisa ng mga Kaluluwa, ang napapaloob sa pag-aalay sa Diyos, pabor sa mga Kaluluwa sa Purgatoryo, ng lahat ng mga gawaing pangbayad na ating ginagawa sa buhay at ang lahat ng mga suprahiyo na maaaring ialay para sa atin pag namatay, nang sa ganoon ay mapunuan ang kanilang mga utang at maalis ang kanilang temporal na parusa. Kung ang Diyos ay nagbibigay ng saganang gantimpala sa pinakamaliit na limos na ibinigay sa ngalan Niya sa isang nangangailangang tao, gaano kalaking bayad ang ibibigay Niya roon sa nag-alay ng kanilang mga gawain ng pagbayad sa buhay at makaraang mamatay para sa mga Kaluluwa na labis Niyang minamahal. Ang gawaing ito ay hindi hadlang sa mga dasal na dinadasal para sa ibang mga tao o ibang mga intensiyon. Pinapayuhan namin ang lahat na gumawa ng makabayaning gawaing ito.


CONMEMORACIÓN DE LOS FIELES DIFUNTOS

Ilagay natin lahat ng ating mga merito sa mga kamay ng Banal na Birheng Maria, ang isang pinakamagaling tumulong sa mga Kaluluwa sa Purgatoryo. Pinakamasaya ang mga deboto ng ating banal na Ina, dahil hindi lamang sila tinutulungan Niya dito sa lupa, subali't tinutulungan at inaaliw ng Kanyang pangangalaga sa Purgatoryo. At para roon sa mga nangangailangan ng mas maraming ginhawa dahil sa kanilang mas malaking mga pagdurusa, dahil hindi nila matulungan ang kanilang mga sarili, mas higit pa na ang Ina ng Awa na ito ay nagsisikap na tulungan sila. Sa mga kaluluwang kasal kay Hesus, na naroon sa bilangguang iyon, si Maria ay animo'y may isang kapangyarihan at lubos na kapangyarihan kapwa para mapaginhawa at mapalaya sila sa mga parusang iyon. Dinadalaw Niya at tinutulungan ang Kanyang mga anak sa kanilang mga pangangailangan at mga problema. Ang mga parusa sa Purgatoryo ay panandalian lamang, kabligtaran doon sa Impiyerno na hindi natatapos, nguni't napakasaklap. At kahi't na si Maria ay tumutulong sa lahat ng mga Kaluluwa sa Purgatoryo, gayunman ang Kanyang pinakamalaking mga indulhensiya at pangangalaga ay para roon sa mas deboto sa Kanya. Ipinahayag ni Birheng Maria kay Santa Brigida ang sumusunod: “Ako ang Ina ng lahat ng mga Kaluluwa na nasa Purgatoryo, at ang lahat ng parusa na kanilang dapat daanan para sa mga kasalanang kanilang nagawa, ay patuloy na nagiginhawahan at napagagaan sa pamamagitan ng Aking mga pagmamakaawa.”


Nguni't si Maria ay hindi lamang umaaliw at tumutulong doon sa mga nasa Purgatoryo, subali't pinuputol din ang kanilang mga kadena at pinalalaya sila dahil sa kanyang pamamagitan. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay may kakayahan sa pamamagitan ng Kanyang mga panalangin at sa aplikasyon ng Kanyang mga merito, na makapagpalaya ng mga Kaluluwa sa Purgatoryo. Sa pamamagitan ng mga merito ni Maria, hindi lamang ang mga parusa sa mga kaluluwang iyon napagtitiisan, subali't napaiikli rin, ang haba ng kanilang Purgatoryo ay nababawasan dahil sa Kanyang pamamagitan. Si San Pedro Damian ay tumukoy na ang isang babaing tinatawag na Mazoria, namatay ay nagpakita sa isang kaibigan at sinabi sa kanya na sa araw ng Pag-akyat sa Langit ni Maria, siya ay napalaya mula sa Purgatoryo kasama ang ilang bilang ng mga kaluluwa na sobra sa populasyon ng Roma.

Pinaiikli ni Maria ang oras ng pagdalisay, at pinuputol pa ang mga ito lahat para sa Kanyang mga Deboto, lalo na iyong may suot ng Kanyang Eskapularyo. Sa paraang ito, pinasasalamatan ni Maria ang Kanyang mga deboto sa pagsuot ng Kanyang Eskapularyo at sa pagbibigay ng testimonya na sila ay konsagrado sa Kanyang serbisyo at kasapi sa pamilya ng Ina ng Diyos. At kapag pinagsilbihan natin Siya nang may napakaespesyal na pagmamahal, bakit hindi rin umasa para sa grasya na, sa pagkamatay, tayo nawa ay makapasok agad sa Paraiso na hindi dadaan sa Purgatoryo.

Ang lahat ng nakararamdam na tunay na mga deboto ng Birhen, sa pagmamahal kay Maria ay hindi tumatangging gumawa man lamang ng ilang mga gawain ng pagmamahal, tulad ng pagdasal para sa mga makasalanan at para sa mga Kaluluwa sa Purgatoryo. Ang mga gawaing iyon ay nagpapasaya nang labis sa Ina na ito ng Awa. Kung nais nating mapaginhawa ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo, tayo ay magsikap na magdasal para sa kanila sa Pinakabanal na Birhen, iaplika sa kanila sa isang espesyal na paraan ang Banal na Rosaryo, na magbibigay sa kanila ng malaking ginhawa.

Sa buhay ni Santa Catalina ni San Agustin sinasabing sa parehong lugar kung saan ang aliping ito ng Diyos ay nakatira, ay may nakatirang isang babae na ang pangalan ay Maria, na dating makasalanan sa kanyang kabataan, at sa kanyang katandaan ay patuloy sa kanyang katigasan ng ulo sa kanyang lihis na landas, kung kaya, siya ay ipinatapon sa labas ng bayan, siya ay napilitang manirahan sa isang kuweba, kung saan siya ay namatay na abandonado ng lahat at

walang Huling mga Sakramento, at sa gayon ay nalibing sa kagubatan. Si Santa Catalina, na madalas ay ipinagkakatiwala nang may malaking debosyon sa Diyos ang mga kaluluwang kilala niya na alam niyang namatay, makaraang malaman niya ang malungkot na kamatayan ng kawawang matandang babae, ay hindi na nag-abalang ipagdasal siya, dahil kinonsidera na siya bilang isang kondenado tulad ng lahat. Dumaan ang apat na taon, at isang araw, isang nagdurusang kaluluwa ang nagpakita sa kanya na nagsabi: “Hermana Catalina, gaanong lungkot ang nasa akin! Ipinagkakatiwala mo sa Diyos ang mga kaluluwa ng mga namatay at tanging akin ang hindi mo kinaawaan.” “Sino ka?” ang sabi ng alipin ng Diyos. “Ako - sagot niya – ang pobreng si Maria na nakatira sa kuweba.” “Nguni’t naligtas ka?” ang tanong ng alipin ng Diyos. “Oo, naligtas ako sa awa ng Birheng Maria.” “Nguni’t paano?” “Nang nakita kong malapit na akong mamatay, nakita ko ang aking sarili na punong-puno ng kasalanan at pinabayaan ng lahat, lumapit ako sa Ina ng Diyos at sinabihan Siya: ‘Birhen, ikaw ang kanlungan ng mga abandonado; ngayon ay inabandona na ako ng lahat: Tanging Ikaw ang aking pag-asa, tanging Ikaw ang makatutulong sa akin, maawa Kayo sa akin.’ Ang Banal na Birhen ay binigyan ako ng isang akto ng pagsisisi, namatay ako at naligtas; at ngayon ang aking Reyna ay binigyan ako ng pagkakataon para mapaikli ang parusa at ginawang magdusa ako nang matindi na dapat kong pagdusahan sa maraming taon; Kinakailangan ko na lamang ng ilang Misa para makalaya sa Purgatoryo. Nakikiusap ako saiyo na ipagdaos ang mga iyon, at nangangako ako na lagi akong magdarasal sa Diyos at kay Maria lalo na para saiyo.”



Naniniwala ako sa pagkakaisa ng mga Banal. Ang mga kasapi ng Simbahan ay bumubuo ng isang tanging pamilya. Sa isang pamilya ay may isang komunidad ng mga ari-arian sa pagitan ng ama, ina at mga anak: ang lahat ay gumagawa para sa pamilya at ang gawain ng bawa’t isa ay pinakikinabangan nila lahat. Sa parehong paraan, sa malaking pamilya ni Hesukristo at ng Pinakabanal na Maria, ang lahat ng mga kasapi ay nakikinabang mula sa mga yaman. Ang mga ispiritwal na ari-arian na ito ay: ang walang hanggang mga merito ni Hesukristo at ng Pinakabanal na Maria, at ang mga merito ng mga Banal; ang Banal na Sakripisyo ng Misa at mga Sakramento; at ang mga dasal at mabuting gawa ng lahat ng mga mananampalataya. Ang komunikasyong ito ng ari-arian ay umiiral hindi lamang sa mga mananampalataya ng Militanteng Simbahan, subali’t sa pagitan din ng mga Banal ng Matagumpay na Simbahan at ng mga Kaluluwa ng Nagdurusang Simbahan at ng Umaasang Simbahan. Tayo ay kaisa ng mga Banal sa Langit sa pamamagitan ng mga dasal na ating ginagawa para sa kanila at sa pamamagitan ng mga grasya na kanilang natatamo para sa atin. Tayo ay kaisa ng mga kaluluwa sa Purgatoryo sa pamamagitan ng mga dasal at mabuting mga gawa na ating ginagawa para matamo ang kanilang kaginhawahan, at sila rin ay nakatatamo ng mga grasya para sa atin.

Sa Banal na Sakripisyo ng Misa ay nagaganap ang dakilang pagpapalitan ng hindi mabilang na mga Grasya sa pagitan ng Banal sa Langit, ng matuwid sa Purgatoryo, ng militanteng mananampalataya sa Lupa at ng mga Kaluluwa ng mga Bata sa Limbo. Ang Banal na Sakripisyo ng Misa ay iniaalay sa Diyos para sa pangunahing mga layunin: para sambahin Siya, para pasalamatan Siya, para gumawa ng reparasyon at para mabayaran Siya sa mga kasalanan at para ipagdasal ang mga buhay at mga patay.

Ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo ay kasapi rin sa Kaharian ng Diyos, na nasa estado ng pagbabayad, at sa birtud ng Pananatili ng Banal na Ispiritu sa kanila. Kahi’t na sila ay matatagpuang nakakalat sa iba’t-ibang bahagi ng uniberso, ang bawa’t isa sa kanyang estado ng pagbayad, sila ay nagkakaisa rin sa malapit na nagkakaisang pamilya; Ang Nagdurusang Simbahan, sa pamamagitan ng Pananatili ng Grasya, ng kanilang perpektong pagmamahal sa Diyos, ng kanilang nagkakaisang pagmamahal at ang nagdadalisay na parusa na dinaranas ng bawa’t isa.

Dagdag pa, itong banal at bawa’t mga pamilya ng Kaharian ng Diyos: ang mga Banal sa Langit, ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo at ang mga Kaluluwa sa Limbo ng mga Bata, ay nagkakaisa rin kasama ang mga kasapi na nasa estado ng Grasya ng Militanteng Simbahan o Kaharian ng Diyos sa mundo, ang Mistikal na Katawan ni Kristo sa kanyang hindi nakikitang aspeto, sa pamamagitan ng pagiging malapit na pagkakaisa sa Grasya, sa nagkakaisang pagmamahalan at sa pagbabahagi ng ispiritwal na mga yaman.

Kapag ang isang malapit sa atin ay namatay, “aliwin ang ating sarili na may pag-asa na matatamo niya ang walang hanggang kapahingahan. Huwag hayaan ang inyong sarili na madala sa isang kawalang pag-asang kalungkutan, dahil ang ganoon ay para lamang sa mga pagano; sa halip ay ipagdasal ang kaluluwa ng namatay para ang maawaing Diyos ay bigyan siya ng walang hanggang kaluwalhatian”, sabi ng Banal na Ebanghelyo.

Sa Ebanghelyo, ang Panginoon ay nagrerekomenda na iwasan natin ang Purgatoryo: “Huwag antalain ang pagdating sa kasunduan sa taong ating pinagkakautangan; dahil sa kaaantala nito, ay malamang na hingin niya sa harap ng isang huwes, at ang huwes ay ibigay ka sa opisyal ng batas, at ikaw ay makulong. Tunay na sinasabi ko sainyo na hindi ka makaaalis doon hangga’t hindi mo nababayaran ang buong utang.” Kaya, huwag patagalin ang pagbayad sa temporal

na parusa katapat ng iyong mga kasalanan sa buhay na ito; dahil iyon ay gagawin mo sa bandang huli sa Purgatoryo; na hindi ka makaaalis hanggang mabayaran mo ang buong utang.

Ang utang na ito ay binabayaran ng pagmamahal nang higit sa anupaman. Nang marinig niya ang mga turo ni Hesus, ang makasalanang si Maria Magdalena ay labis na naantig, puno ng pagmamahal kay Hesus at natagos ng pagsisisi, muling natamo ang Grasyang Nagpapabanal. Siya ay pinatawad ng Panginoon na nagsabing: “Ang marami niyang mga kasalanan ay pinatawad na, dahil labis niya Akong minahal”; at pinatawad ang buong temporal na mga parusa na katapat ng mga iyon. Ang isa pang kaso ay si San Dimas, ang Mabuting Magnanakaw, na nakaramdam ng labis na pagkaantig sa mga pagdurusa ni Kristo, at nagsisi. Hindi lamang siya pinatawad sa lahat ng kanyang mga kasalanan sa harap ng publiko, nguni’t pati na rin ang lubos na pagpalaya sa temporal na parusa para roon, dahil inialay niya ang kanyang mga pagdusang mamatay sa pagmamahal sa kanyang Tagapagligtas, kaya sinabi sa kanya ni Hesus: “Tunay na sinasabi Ko saiyo: na ngayon ay makakasama Kita sa Paraiso.”

Sa Sakramento ng Kumpisal, ang penitensiyang ibinibigay ng Kumpesor ay nagpapatawad ng ibang bahagi ng temporal na parusang katapat sa mga kasalanang iyon; dahil ang absolusyon, sa pagbura ng mortal na kasalanan, ay nagpapatawad sa eternal na parusa sa Impiyerno, nguni’t sa kadalasan ay hindi nagpapatawad sa buong temporal na parusa, na dapat ay bayaran sa mundong ito o sa Purgatoryo; at dahil ang Diyos ay hindi nag-iiwan ng kasalanan nang walang kabayaran, maaaring ang tao ay magpataw ng parusa sa kanyang sarili, o ang Diyos mismo ang magpataw nito sa madaling panahon o sa huli. At kahi’t na sa kaso ng perpektong kontrisyon sa kumpisal, sa pamamagitan kung saan ang buong temporal na parusa ay napatawad, walang nakasisiguro nito, puwera na lamang sa pamamagitan ng isang espesyal na grasya, kung kaya ang penitensiyang ipinapataw ng Kumpesor ay napakahalaga.

Ang Oleo ay nagpapalakas sa Kaluluwa para sa huling mga laban, ay nagbubura ng venial na mga kasalanan, at nag-aalis ng bahagi, o kahi’t na lubos, sa temporal na parusang nakapataw para sa mga kasalanan; kung kaya maraming mga may sakit, sa pamamagitan ng mga grasya ng Oleo na taimtim na tinanggap, ay maaaring mapunta nang direkta sa Langit nang hindi na dumaan pa sa Purgatoryo.

Ang mga Sakramental na ginamit nang tama, ay nakapagpapatawad sa lahat o bahagi ng temporal na parusang pataw sa nakaraang mga kasalanan, sa pamamagitan ng mga indulhensiyang kasama sa paggamit ng mga Sakramental.



Mula sa kaluluwa ng sinumang tumanggap ng Binyag na nasa tamang edad o kaisipan, ang orihinal na kasalanan at iba pang personal na kasalanan mayroon ay nabubura; ganoon din ang buong temporal at eternal na parusang pataw sa mga kasalanan ay napatatawad: at kapag ang tao ay mamatay bago makagawa ng anumang kasalanan, ang kaluluwa ay pupunta deretso sa Kaharian ng Langit para makita ang Diyos.

Ang pagpropesa bilang isang Relihiyoso ay tinatawag na isang ‘pangalawang pagbinyag’. Si Santo Tomas Aquino ay nagsabi na sa pamamagitan ng relihiyosong pagpropesa, ang mga nobisyado, sa mismong araw ng kanilang pagpropesa, ay napatatawad sa parusa sa lahat ng mga kasalanang nagawa sa mundo. Makatuwiran lamang na sabihin na sa pagpasok sa buhay relihiyoso ang kapatawaran sa lahat ng kasalanan ay natatamo. Ang dahilan dito ay sa pamamagitan ng pagpasok sa buhay relihiyoso, ay ikinokonsagra ng tao ang kanyang buong pagkatao sa pagsilbi sa Diyos, at sapat lamang na kabayaran sa lahat ng kasalanan para sa isang iaalay ang kanyang buong pagkatao sa pagsilbi sa Diyos sa buhay relihiyoso, na nakahihigit sa lahat ng uri ng satispaksiyon. Mababasa natin ang mga buhay ng sinaunang mga Padre, na ang relihiyoso sa araw na iyon ay nakatatanggap ng parehong grasya tulad doon sa tumatanggap ng binyag. Ang kaisipan ni Santa Teresita ay pareho, na nagsulat: “Paano natin mapag-aalinlangan na ang Diyos ay maaaring magbukas ng mga tarangkahan ng Kanyang Kaharian doon sa mga anak Niya na nagmamahal sa Kanya sa puntong isinasakripisyo ang lahat para sa Kanya, na hindi lamang iniwan ang kanilang mga pamilya at ang kanilang mga bansa para makilala Siya at mahalin, nguni’t nais pang ibigay ang kanilang mga buhay para sa isang kanilang minamahal? Tunay na tama si Hesus sa pagsabing walang ibang pagmamahal na mas malaki kaysa riyan! Kung ganoon paano Niya hahayaang matalo Siya sa pagiging bukas palad? Paano Niya dadalisayin sa mga apoy ng Purgatoryo ang mga kaluluwang nabubuhay na natutupok ng apoy ng banal na pagmamahal? Totoong walang buhay ng tao ang libre sa mga kasalanan, na tanging ang Imakuladang Birhen lamang ang humaharap sa Kamahalan ng Diyos na lubos na dalisay. At anong kasiyahan na isipin na ang Birheng ito ay ating Ina! Dahil sa mahal Niya tayo at alam ang ating mga kahinaan, ano ang ating katatakutan? Ilang mga prase para ilarawan ang aking isip, subali’t hindi nagtatagumpay na gawin ito! Nais ko lamang sabihin na parang ang lahat ng mga misyonero ay mga martir ng hangad at kalooban, at na, bilang resulta, walang ni isa sa kanila ay kailangang mapunta sa Purgatoryo. Kung sa sandali ng pagharap sa Diyos ay may nanatiling ilang bahid ng kahinaan

bilang isang tao ang nananatili sa kanilang kaluluwa, ang Pinakabanal na Birhen ay kukunin para sa kanila ang grasya para gumawa ng akto ng perpektong pagmamahal at saka igagawad sa kanila ang palma at korona na marangyang nararapat sa kanila. Ganyan, aking kapatid, kung ano ang aking nasa isip tungkol sa hustisya ng Diyos. Ang aking paraan ay lubos na tiwala at pagmamahal, at hindi ko maunawaan ang mga kaluluwang natatakot sa isang ganoon mapagmahal na Kaibigan." Sa isang tula ay nagdagdag siya: "Para isang araw ay makita Kita sa Iyong kaluwalhatian, una ay kinakailangang dumaan sa apoy, alam ko. Para sa akin, para sa Purgatoryo ay pipiliin ko ang Iyong tumutupok na pagmamahal, Puso ng aking Diyos. Ang desterado kong kaluluwa, sa paglisan sa buhay na ito, ay nais na gumawa ng isang pinakadalisay na akto ng pagmamahal, at saka, lilipad sa Sariling Bayan, papasok agad at magpakailanman sa Iyong Puso."

Kung tayo ay mamumuhay ng isang buhay na tapat na pagmamahal kay Hesus at kay Maria, ay maiiwasan natin ang Purgatoryo at makatatamo ng paglaya ng maraming mga kaluluwa roon. Matuto tayo kay Santa Teresita na, sa kanyang Akto ng Paghahandog sa Maawaing Pagmamahal, na nagsabi: "O aking Diyos, Banal na Trinidad! Mamahalin ko Kayo at gagawing kayo ay mahalin, at magtatrabaho para sa kaluwalhatian ng Banal na Simbahan sa pamamagitan ng pagligtas ng mga kaluluwa sa lupa at pagpapalaya sa mga kaluluwang nagdurusa sa Purgatoryo. Nais kong perpektong maisakatuparan ang Inyong pagmamahal at matamo ang antas ng kaluwalhatian na Inyong inihanda para sa akin sa Inyong kaharian. Sa isang salita, nais kong maging banal. Subali't nararamdaman ko ang aking walang kakayahan, at nagsusumamo ako sa Inyo, aking Diyos, na Kayo mismo ang aking maging kabanalan." At siya pagkaraan ay nagpaliwanag: "Aking pinakamamahal na ina, ikaw na nagbigay sa akin ng pahintulot na ialay ang aking sarili sa Diyos sa ganoong paraan, alam mo ang mga dagat, o sa mas higit na salita mga karagatan, ng mga grasya na dumating para bahain ang aking kaluluwa. Mula sa masayang araw na iyon, para bang ang pagmamahal ay tumatagos at kumubkob sa akin, para bang ang maawaing pagmamahal na ito ay binabago ako sa bawa't sandali, dinadalisay ang aking kaluluwa at hindi ito iniiwanan ng kahi't na anong bahid ng kasalanan. Kaya hindi ako matatakot sa Purgatoryo. Alam ko iyon sa aking sarili na hindi ako nararapat na makapasok sa lugar na iyon ng pagbayad, na tanging ang banal na mga kaluluwa lamang ang may Karapatan. Subali't alam ko rin na ang apoy ng pagmamahal ay may higit na malaking kapangyarihan sa pagpapabanal kaysa iyong sa Purgatoryo. Alam ko na si Hesus ay hindi nais ang walang halagang mga pagdusa para sa atin, at na hindi Siya mag-uudyok ng ganoong mga nais tulad ng nararamdaman ko kung hindi Niya hangad na maging totoo ang mga iyon. Gaanong tamis ang landas ng pagmamahal! Gaano ko hangad na gugulin ang aking sarili sa paggawa ng Banal na kalooban ng Diyos sa lahat ng panahon na may pinakamalaking sigasig."

Sa pamamagitan ng Sulat Apostolikong ito, Kami, Pedro III, De Glória Ecclésiæ, isinasama mula sa araw na ito, ang Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo sa lahat ng Banal na mga Misa, mga Benediksiyon sa Banal na Sakramento at iba pang mga dasal ng Simbahan sa pangkalahatan, hanggang sa ang Purgatoryo ay matapos sa Pangalawang Pagdating ni Kristo, upang sila ay hindi na muli pang makalimutan.

Sa darating na ika-16 ng Hulyo, Prinsipal na Kapistahan ng Ating Ina ng Palmar Koronada, Reyna ng Carmel at Unibersal na Patrona, muli Kami ay nananawagan sa lahat ng mananampalataya ng Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan na dumalo sa perigrenasyon sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya at sa gayon ay makiisa sa Pinakasolemneng Pagsamba. Ang Ating Ina sa Langit ay hinihintay kayo lahat, Palmaryanong mananampalataya, at lubos na nararapat lamang sa Kanya na kayo ay tumugon nang may pagmamahal sa Kanyang masigasig na hangarin. Gawin ninyo ang lahat na kaya ninyo para Siya ay bigyan ng parangal sa pamamagitan ng inyong pagdalo at muling ipakita sa Kanya ang inyong pasasalamat sa hindi mabilang na mga grasya na patuloy ninyong natatanggap mula sa Kanyang Lubos na Pinagpalang mga Kamay.

Tulad ng dati, sa ala-1 ng madaling araw ay magkakaroon ng dalawang turno ng Banal na mga Misa, na may pagdasal ng Banal na Rosaryo Penitensiyal; sa alas-10 ng umaga ay ang Pinakasolemneng mga Misa Pontipikal; sa ala-1 ng hapon, dalawa pang turno ng Banal na mga Misa na may Banal na Rosaryo Penitensiyal; sa alas-6 ng gabi, isang turno ng Banal na mga Misa, na may pagdasal ng Banal na Daan ng Krus. Sa alas-9 ng gabi, ay ang Pinakasolemneng Prusisyon kasama ang Sagradong mga Imahen ng Ating Ina ng Palmar Koronada at ni Santa Teresa ni Hesus Koronada.

Sa huli ay pinaaalalahanan namin kayo sa mabigat na mga gastusin sa Semana Santang pagsamba, kaya, maaari kayong mag-ambag para sa mga iyon sa pamamagitan ng inyong bukas-palad na mga limos, tulad ng lagi ninyong ginagawa.

Nais din naming magpasalamat sa lahat ng mga Palmaryanong tumulong sa ano mang paraan sa paghanda para sa mga perigrenasyon sa El Palmar de Troya. Nawa ay gantimpalaan kayo ng Diyos magpakailan man.

Ibinigay sa El Palmar de Troya, Apostolikong Pamunuan, nitong ika-18 ng Pebrero, Ikadalawang Linggo ng Banal na Kuwaresma, sa taon ng Ating Panginoong Hesukristo MMXVIII at pangalawa sa aming Papado.

May Aming Basbas Apostoliko,
Petrus III, P.P.
Póntifex Máximus.